حكم السحر والكهانة - تجالوج

# Isang Mensahe Kaugnay sa Hatol sa Panggagaway at Panghuhula

**Ni Shaykh `Abdul`azīz bin `Abdillāh bin Bāz**
Kaawaan siya ni Allāh

Islamhouse.com
المحتوى الإسلامي

# Isang Mensahe Kaugnay sa Hatol sa Panggagaway at Panghuhula

Ni Shaykh `Abdul`azīz bin `Abdillāh bin Bāz

Kaawaan siya ni Allāh.

شركاء التنفيذ:

دار الإسلام جمعية الربوة رواد الترجمة المحتوى الإسلامي

يتاح طباعة هذا الإصدار ونشره بأي وسيلة مع
الالتزام بالإشارة إلى المصدر وعدم التغيير في النص.

Telephone: +966114454900
ceo@rabwah.sa
P.O.BOX: 29465
RIYADH: 11557
www.islamhouse.com

Sa ngalan ni Allāh, ang Napakamaawain, ang Maawain

# Panimula

Ang papuri ay ukol kay Allāh. Ang basbas at ang pangangalaga ay ukol sa Sugo ni Allāh, sa mag-anak niya, mga Kasamahan Niya, at sinumang napatnubayan sa pamamagitan ng patnubay niya. Sa pagpapatuloy:

Tunay na ang panggagaway ay kabilang sa malalaki sa mga pagkakasala at kabilang sa pitong tagapagpahamak na ipinag-utos ni Allāh (napakataas Siya) at ng Sugo Niya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na iwasan. Lumaganap ang panggagaway sa mga panahong ito at lumitaw ito sa mga magkakaibang anyo at mga sarisaring pamamaraan sapagkat magkaminsan natatagpuan ito sa ngalan ng pag-aaliw at katuwaan sa loob ng mga pelikulang mapanukso, magkaminsan sa pag-aangkin ng kawalang-kamunduhan at mga himala, magkaminsan naman natatagpuan ito sa ilalim ng [pagpapanggap ng] pang-Islām na ruqyah, at minsan pa lumilitaw ito sa ngalan ng tradisyonal na panggagamot at pagpapagamot sa pamamagitan ng mga halamang gamot, at iba pa roon na

mga anyo at mga paraan na itinatanghal ng panggagaway at nakukubli sa mga mangmang at mga walang pagkatalos sa Relihiyon.

Yayamang ang aklat ng Pangkalahatang Muftī ng Kaharian ng Saudi Arabia at Pangulo ng Kapulungan ng mga Nakatatandang Pantas at ng Pangasiwaan ng mga Pangkaalamang Pananaliksik at Pagbibigay ng Fatwā, ang Kanyang Kabunyiang si Shaykh `Abdul`azīz bin `Abdullāh bin Bāz, kaawaan siya ni Allāh, ay naglalaman ng paglilinaw ng kahatulan ng panggagaway at pagbibigay-babala laban dito at ng kahatulan ng pagpunta sa mga manghuhula, ayon sa istilong madali at pinagaan, na nalalakipan ng patunay na pambatas mula sa Marangal na Qur'ān at Pampropetang Dinalisay na Sunnah, minagaling naman ng Ministeryo ng mga Kapakanang Pang-Islām, mga Waqf, Pag-aanyaya, at Pamamatnubay ang paglalathala ng aklat na ito at paglimbag nito.

Itinuturing ang aklat na ito ng Kanyang Kabunyian (Shaykh Ibnu Baz) kaugnay sa paglilinaw sa kahatulan ng panggagaway at pagpunta sa mga manghuhula at mga manggagaway bilang bahagi ng mga pinagpalang

pagpupunyagi niya at maraming pakikilahok niya na nagsisikap sa pag-aanyaya sa mga tao tungo sa kabutihan, pagpapakaunawa sa Relihiyon, paglilinaw ng mga kahatulan, pagbibigay-babala laban sa mga nakasasama at pagtawag-pansin sa mga ito, at pagpayo sa mga Muslim at pag-aanyaya sa kanila tungo sa pagkapit sa Marangal na Aklat ni Allāh at Sunnah ng Hinirang na Propeta Niya (basbasan Niya ito at pangalagaan), pagtahak sa metodolohiya ng Maayos na Kanunuan (Salaf), at pagwaksi sa anumang iba pa roon na mga kaisipan, mga ideyolohiya, at mga paniniwalaang bulaan.

Ito ay ang tinatahak ng pinagpalang bayang ito at matinong pamunuan nito. Magpatatag nawa rito si Allāh (napakataas Siya) doon. Maglaan nawa Siya para rito ng mga kaparaanan ng tulong, pagtutuon, at pag-alalay. Gumanti nawa Siya sa Kanyang Kabunyian – ang Shaykh, ang Paham, at ang May-akda ng aklat – ng pinakamabuting ganti at magpanagana nawa Siya para rito ng gantimpala.

Humihiling tayo kay Allāh na magpakinabang Siya sa pamamagitan nito sa sinumang nagbasa nito o nakinig dito

o nakabatid nito, na magpatnubay Siya sa atin sa kalahatan para sa pagkapit sa Qur'ān at Sunnah, at na magpaiwas Siya sa atin sa mga udyok ng demonyo, mga paraan nito, at mga landas nito; tunay na Siya ay Karapat-dapat doon at ang Nakakakakaya niyon. Si Allāh ay ang Tagapatnubay tungo sa katumpakan ng landas. Basbasan ni Allāh ang Propeta nating si Muḥammad, ang mag-anak niya, at ang mga Kasamahan niya nang lahatan.

**\`ABDULLĀH BIN \`ABDULMUḤSIN AT-TURKĪY**

**MINISTERYO NG MGA KAPAKANANG PANG-ISLĀM, PAG-AANYAYA, AT PAMAMATNUBAY**

# Ang Hatol sa Panggagaway at Panghuhula at ang Nauugnay sa mga Ito[1]

Ang papuri ay ukol kay Allāh: tanging Siya. Ang basbas at ang pangangalaga ay sumakanya na wala nang propeta matapos niya. Sa pagpapatuloy:

Dahil sa pagsasaalang-alang sa dami ng mga salamangkero sa mga huling panahon, kabilang sa mga nag-aangkin ng panggagamot at lumulunas sa pamamagitan ng panggagaway o panghuhula dahil sa pagkalaganap nila sa ilan sa mga bayan, at dahil sa pagsasamantala nila sa mga utu-uto sa mga tao kabilang sa mga napananaigan ng pagkamangmang, nagturing ako bilang pagpapayo alang-alang kay Allāh at sa mga lingkod Niya na maglinaw ako ng kaugnay roon na isang mabigat na panganib sa Islām at mga Muslim dahil sa dulot nito na pagkakaugnay sa iba pa kay Allāh (napakataas Siya) at pakikipagsalungatan sa utos

Niya at utos ng Sugo Niya (basbas Niya ito at pangalagaan).

Nasasabi ko, habang nagpapatulong kay Allāh (napakataas Siya), na pinapayagan ang pagpapagamot ayon sa napagkasunduang hatol. Maaari sa Muslim na pumunta sa isang doktor ng mga karamdamang panloob o pang-operasyon o pangnerbiyo o tulad niyon upang magsuri ito sa kanya ng karamdaman niya at lumunas ito niyon sa pamamagitan ng naaangkop sa kanya na mga gamot na pinapayagan ayon sa batas alinsunod sa nalalaman nito sa kaalaman sa medisina dahil iyon ay bahagi ng pagsasagawa ng mga karaniwang kadahilanan at hindi sumasalungat sa pananalig kay Allāh. Nagpababa nga si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya) ng karamdaman at nagpababa Siya kasama nito ng gamot. Nalalaman iyon ng sinumang nakaalam at namangmang doon ang sinumang namangmang. Subalit si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) ay hindi naglagay ng kagalingan sa mga lingkod Niya sa anumang ipinagbawal Niya sa kanila.

Kaya hindi pinapayagan para sa maysakit na pumunta sa mga manghuhula na nag-aangkin ng kaalaman sa mga nakalingid na bagay upang makaalam mula sa kanila ng sakit niya. Hindi rin pinapayagan para sa kanya na maniwala sa kanila sa anumang ipinababatid nila sa kanya sapagkat tunay na sila ay nagsasalita ng pala-palagay o nagpapadalo sa mga jinn upang magpatulong sa mga ito sa ninanais nila. Ang hatol sa mga ito ay ang kawalang-pananampalataya at ang pagkaligaw kapag nag-angkin sila ng kaalaman sa nakalingid.

Nagsalaysay nga si Imām Muslim sa Ṣaḥīḥ niya na ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: **{Ang sinumang pumunta sa isang pangnakaraang manghuhula saka nagtanong doon tungkol sa isang bagay, hindi tatanggapin sa kanya ang pagdarasal ng apatnapung araw.}**

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: **"Ang sinumang pumunta sa isang panghinaharap na manghuhula saka naniniwala roon sa sinasabi niyon ay tumanggi ngang sumampalataya sa**

**pinababa kay Muḥammad** (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)."} Nagsalaysay nito si Abū Dāwud. Nagsadokumento nito ang Apat na May mga Sunnah. Sumang-ayon sa katumpakan nito si Imām Al-Ḥākim ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) nang may pananalitang: **{Ang sinumang pumunta sa isang panghinaharap na manghuhula saka naniniwala roon sa sinasabi niyon ay tumanggi ngang sumampalataya sa pinababa kay Muḥammad** (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).} Ayon kay \`Imrān bin Ḥuṣayn (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Hindi kabilang sa atin ang sinumang naniwala sa masamang pangitain o nagpahanap ng masamang-pangitain, o nanghula o nagpahula, o nanggaway o nagpagaway. Ang sinumang pumunta sa isang panghinaharap na manghuhula saka naniwala sa sinasabi nito ay tumanggi ngang sumampalataya sa pinababa kay Muḥammad** (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)."} Nagsalaysay nito si Al-Bazzār nang may kawing ng pagpapaabot na mahusay. Nasaad sa mga marangal na ḥadīth na ito ang pagsaway sa pagpunta sa mga pangnakaraang manghuhula, mga panghinaharap na manghuhula, mga manggagaway, at

mga tulad nila, at sa pagtatanong sa kanila, paniniwala sa kanila; at ang banta laban doon. Kaya ang kinakailangan sa mga nanunungkulan sa mga tungkulin, mga alagad ng batas, at iba pa sa kanila kabilang sa mga may kapangyarihan at kapamahalaan ang pagmamasama sa pagpunta sa mga panghinaharap na manghuhula, mga pangnakaraang manghuhula, at tulad nila; ang pagpigil sa sinumang nagsasagawa ng anuman kabilang doon sa mga pampublikong lugar at iba pa; ang pagmamasama sa kanila nang matinding pagmamasama; at ang pagmamasama sa sinumang pumupunta sa kanila. Hindi pinapayagan na magpalinlang dahil sa katapatan nila sa ilan sa mga bagay ni dahil sa dami ng pumupunta sa kanila na mga tao sapagkat tunay na ang mga ito ay mga mangmang. Hindi pinapayagan ang magpalinlang ang mga tao sa kanila dahil ang Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay sumaway nga ng pagpunta sa kanila, pagtatanong sa kanila, at paniniwala sa kanila dahil sa dulot niyon na mabigat na nakasasama, malaking panganib, at mga masamang kahihinatnan dahil sila ay mga sinungaling na masasamang-loob. May nasaad din sa mga ḥadīth na ito na isang patunay sa kawalang-pananampalataya ng manghuhula at manggagaway dahil

sila ay nag-aangkin ng kaalaman ng nakalingid – at iyon ay kawalang-pananampalataya – at dahil sila ay hindi umaabot sa pakay nila malibang sa pamamagitan ng paglilingkod sa mga jinn at pagsamba sa mga ito bukod pa kay Allāh. Iyon ay kawalang-pananampalataya kay Allāh at pagtatambal sa Kanya (kaluwalhatian sa Kanya). Ang naniniwala sa kanila sa pag-aangkin nila ng kaalaman sa nakalingid ay nagiging tulad nila. Ang bawat nakatatanggap ng mga bagay na ito buhat sa nagsasagawa ng mga ito ay nawalang-kaugnayan nga sa kanya ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Hindi pinapayagan para sa Muslim na sumailalim sa anumang sinasabi nilang panggagamot gaya ng pagpapalamuti nila ng mga talisman o pagbubuhos ng tingga at tulad niyon na mga pamahiin na ginagawa nila sapagkat tunay na ito ay kabilang sa panghuhula at panlilinlang sa mga tao. Ang sinumang nalugod doon ay umalalay nga sa kanila sa kabulaanan nila at kawalang-pananampalataya nila. Hindi rin pinapayagan para sa isa man sa mga Muslim na pumunta sa kanila upang magtanong sa kanila tungkol sa kung sino ang mapangangasawa ng anak niya o kamag-anak niya o tungkol sa kung ano ang namamagitan sa mag-

asawa at mga pamilya ng mga ito na pag-ibig at katapatan o pagkamuhi

at pagkahiwalay at tulad niyon dahil ito ay kabilang sa nakalingid na walang nakaaalam kundi si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya).

Ang panggagaway ay kabilang sa mga ipinagbabawal na pangkawalang-pananampalataya, gaya ng sinabi ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) kaugnay sa pumapatungkol sa dalawang anghel na nasaad sa Kabanatang Al-Baqarah:

﴿... وَمَا يُعَلِّمَانِ مِنۡ أَحَدٍ حَتَّىٰ يَقُولَآ إِنَّمَا نَحۡنُ فِتۡنَةٞ فَلَا تَكۡفُرۡۖ فَيَتَعَلَّمُونَ مِنۡهُمَا مَا يُفَرِّقُونَ بِهِۦ بَيۡنَ ٱلۡمَرۡءِ وَزَوۡجِهِۦۚ وَمَا هُم بِضَآرِّينَ بِهِۦ مِنۡ أَحَدٍ إِلَّا بِإِذۡنِ ٱللَّهِۚ وَيَتَعَلَّمُونَ مَا يَضُرُّهُمۡ وَلَا يَنفَعُهُمۡۚ وَلَقَدۡ عَلِمُواْ لَمَنِ ٱشۡتَرَىٰهُ مَا لَهُۥ فِي ٱلۡأٓخِرَةِ مِنۡ خَلَٰقٖۚ وَلَبِئۡسَ مَا شَرَوۡاْ بِهِۦٓ أَنفُسَهُمۡۚ لَوۡ كَانُواْ يَعۡلَمُونَ ١٠٢﴾ [البقرة: 102]

**{Hindi nagtuturo silang dalawa sa isa man hanggang sa magsabi silang dalawa: "Kami ay tukso lamang, kaya huwag kang tumangging sumampalataya." Kaya natututo sila mula sa kanilang dalawa ng nagpapahihiwalay sa**

**pagitan ng lalaki at maybahay nito. Sila ay hindi mga nakapipinsala sa pamamagitan nito sa isa man malibang ayon sa pahintulot ni Allāh. Natututo sila ng nakapipinsala sa kanila at hindi nagpapakinabang sa kanila. Talaga ngang nakaalam sila na talagang ang sinumang bumili nito ay walang ukol sa kanya sa Kabilang-buhay na anumang bahagi. Talagang kay saklap ng pinagbilihan nila sa mga sarili nila, kung sakaling sila noon ay nakaaalam.}**[1]

Kaya nagpatunay ang mga marangal na talatang ito na ang panggagaway ay kawalang-pananampalataya at na ang mga manggagaway ay nagpapahiwalay sa lalaki at maybahay nito. Nagpatunay rin ito na ang panggagaway ay hindi tagapagresulta mismo ng pakinabang ni ng pinsala. Nagreresulta lamang ito ayon sa pahintulot ni Allāh na pansansinukob na pampagtatakda dahil si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya) ay ang lumikha ng kabutihan at kasamaan. Talaga ngang bumigat ang pinsala at tumindi ang kalagayan sa mga gumagawa-gawa na ito na nagmana ng mga kaalamang ito buhat sa

[1] Qur'ān 2:102.

mga tagapagtambal at nanlinlang sila sa pamamagitan ng mga ito sa mahihina ang mga isip. Tunay na tayo ay kay Allāh at tunay na tayo ay tungo sa Kanya mga babalik. Kasapatan sa atin si Allāh at kay inam ang Pinananaligan. Nagpatunay rin ang marangal na talata na ang mga natututo ng panggagaway ay natututo lamang ng nakapipinsala sa kanila at hindi nagpapakinabang sa kanila at na walang ukol sa kanila sa ganang kay Allāh na anumang bahagi. Ito ay isang mabigat na banta, na nagpapatunay sa tindi ng kalugihan nila sa Mundo at Kabilang-buhay at na sila ay nagbenta ng mga sarili nila kapalit ng pinakahamak sa mga halaga. Dahil dito, pumula sa kanila si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya) doon sa sabi Niya:

﴿...وَلَبِئۡسَ مَا شَرَوۡاْ بِهِۦٓ أَنفُسَهُمۡۚ لَوۡ كَانُواْ يَعۡلَمُونَ١٠٢﴾ [البقرة: 102]

**{Talagang kay saklap ng pinagbilihan nila sa mga sarili nila, kung sakaling sila noon ay nakaaalam.}**[2]Ang "pinagbilihan" dito ay nangangahulugang pagtitinda.

[2] Qur'ān 2:102.

Hinihiling natin kay Allāh ang kagalingan at ang kaligtasan laban sa kasamaan ng mga manggagaway, mga manghuhula, at lahat ng mga salamangkero. Hinihiling din natin kay Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) na ipagsanggalang Niya ang mga Muslim sa kasamaan nila, na ituon Niya ang mga tagapamahala ng mga Muslim sa pag-iingat laban sa kanila at pagpapatupad ng kahatulan Niya sa kanila upang makapagpahinga ang mga tao sa pinsala nila at karima-rimarim na mga gawain nila; tunay na Siya ay Galanteng Mapagbigay.

Nagsabatas nga si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) para sa mga lingkod Niya ng ipinanananggalang nila sa kasamaan ng panggagaway bago ng pagkaganap nito. Niliwanag Niya sa kanila (kaluwalhatian sa Kanya) ang maipanggagamot nila matapos ng pagkaganap nito bilang awa mula sa Kanya sa kanila, bilang paggawa ng maganda mula sa Kanya sa kanila, at bilang paglulubos ng pagpapala Niya sa kanila.

May nasaad sa sumusunod na isang paglilinaw para sa mga bagay na maipananggalang sa panganib ng panggagaway bago ng pagkaganap nito at mga bagay na

maipanggagamot matapos ng pagkaganap nito kabilang sa mga bagay na pinahihintulutan ayon sa Sharī`ah.

Hinggil sa maipanananggalang sa panganib ng panggagaway bago ng pagkaganap nito, ang pinakamahalaga roon at ang pinakakapaki-pakinabang ay ang pagpapatanggol sa pamamagitan ng mga dhikr na legal, mga panalangin, at mga ipinarating na dalangin ng pagpapakupkop. Kabilang doon ang pagbigkas ng āyatulkursīy matapos ng bawat isinatungkuling ṣalāh matapos ng mga dhikr na isinabatas matapos ng salām at kabilang doon ang pagbigkas nito bago matulog. Ang āyatulkursīy ay ang pinakadakilang talata ng Marangal na Qur'ān. Ito ay ang sabi Niya (kaluwalhatian sa Kanya):

﴿ٱللَّهُ لَآ إِلَٰهَ إِلَّا هُوَ ٱلۡحَيُّ ٱلۡقَيُّومُۚ لَا تَأۡخُذُهُۥ سِنَةٞ وَلَا نَوۡمٞۚ لَّهُۥ مَا فِي ٱلسَّمَٰوَٰتِ
وَمَا فِي ٱلۡأَرۡضِۗ مَن ذَا ٱلَّذِي يَشۡفَعُ عِندَهُۥٓ إِلَّا بِإِذۡنِهِۦۚ يَعۡلَمُ مَا بَيۡنَ أَيۡدِيهِمۡ وَمَا
خَلۡفَهُمۡۖ وَلَا يُحِيطُونَ بِشَيۡءٖ مِّنۡ عِلۡمِهِۦٓ إِلَّا بِمَا شَآءَۚ وَسِعَ كُرۡسِيُّهُ ٱلسَّمَٰوَٰتِ
وَٱلۡأَرۡضَۖ وَلَا يَـُٔودُهُۥ حِفۡظُهُمَاۚ وَهُوَ ٱلۡعَلِيُّ ٱلۡعَظِيمُ٢٥٥﴾ [البقرة: 255]

**{Allāhu lā ilāha illā huwa -lḥayyu -lqayyūm, lā ta'khudhuhū sinatuw wa lā nawm, lahū mā fi -ssamāwāti wa mā fi -l'arḍ; man dhā -lladhī yashfa`u `indahū illā**

**bi'idhnih, ya`lamu mā bayna aydīhim wa mā khalfahum: wa lā yuḥīṭūna bishay'im min `ilmihī illā bimā shā', wasi'a kursīyuhu -ssamāwāti wa -l'arḍ: wa lā ya'ūduhū hifđuhumā, wa huwa -l`alīyu -l`ađīm. (Si Allāh, walang Diyos kundi Siya, ang Buháy, ang Mapagpanatili. Walang nakatatangay sa Kanya na isang antok ni isang pagkatulog. Sa Kanya ang anumang nasa mga langit at ang anumang nasa lupa. Sino itong mamamagitan sa piling Niya malibang ayon sa pahintulot Niya? Nakaaalam Siya sa anumang nasa harapan nila at anumang nasa likuran nila. Hindi sila nakapapaligid sa anuman mula sa kaalaman Niya malibang ayon sa niloob Niya. Sumakop ang silya Niya sa mga langit at lupa at hindi nakabibigat sa Kanya ang pangangalaga sa mga ito. Siya ay ang Mataas, ang Sukdulan.)}**[3]

Kabilang doon ang pagbigkas ng ika-112 kabanata ng Qur'ān,[4]ika-113 kabanata ng Qur'ān,[5]at ika-113 kabanata

---

[3] Qur'ān 2:255.

[4] Qur'ān 112:1-4.

[5] Qur'ān 113:1-5.

ng Qur'ān[6]matapos ng bawat isinatungkuling ṣalāh, at ang pagbigkas ng tatlong kabanatang ito nang tatlong ulit sa simula ng maghapon matapos ng ṣalāh na fajr, sa simula ng gabi matapos ng ṣalāh na maghrib, at bago matulog. Kabilang din doon ang pagbigkas ng dalawang talata mula sa huling bahagi ng Kabanatang Al-Baqarah sa simula ng gabi. Ang dalawang ito ay ang sabi Niya (napakataas Siya):

﴿ءَامَنَ ٱلرَّسُولُ بِمَآ أُنزِلَ إِلَيۡهِ مِن رَّبِّهِۦ وَٱلۡمُؤۡمِنُونَۚ كُلٌّ ءَامَنَ بِٱللَّهِ وَمَلَٰٓئِكَتِهِۦ وَكُتُبِهِۦ وَرُسُلِهِۦ لَا نُفَرِّقُ بَيۡنَ أَحَدٖ مِّن رُّسُلِهِۦۚ وَقَالُواْ سَمِعۡنَا وَأَطَعۡنَاۖ غُفۡرَانَكَ رَبَّنَا وَإِلَيۡكَ ٱلۡمَصِيرُ٢٨٥﴾ [البقرة: 285]

**{Āmana -rrasūlu bimā unzila ilayhi mir rabbihi wa-lmu'minūn, kullun āmana bi-llāhi wa-malā'ikatihi wa-kutubihi wa-rusulih, lā nufarriqu bayna aḥadim mir rusulih, wa-qālū sami`nā wa-aṭa`nā ghufrānaka rabbanā wa-ilayka -lmaṣīr. (Sumampalataya ang Sugo sa anumang pinababa sa kanya mula sa Panginoon niya at ang mga mananampalataya [ay gayon din]. Bawat [isa] ay sumampalataya kay Allāh, sa mga anghel Niya, sa mga kasulatan Niya, at sa mga sugo Niya. [Sinabi:] "Hindi**

---

[6] Qur'ān 114:1-6.

**kami nagtatangi-tangi sa isa man sa mga sugo Niya." Nagsabi sila: "Nakarinig kami at tumalima kami. [Humihingi kami ng] pagpapatawad Mo, Panginoon namin. Tungo sa Iyo ang kahahantungan.")}**[7]Bibigkasin ang nabanggit hanggang sa pinakawakas ng kabanata.

Natumpak nga [ang ḥadīth] ayon sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **{Na siya nagsabi: "Ang sinumang bumigkas ng āyatulkursīy sa gabi ay hindi matitigil sa kanya na may isang tagapag-ingat mula kay Allāh at walang lalapit sa kanya na isang demonyo hanggang sa magmadaling-araw."}** Natumpak din [ang ḥadīth] ayon sa kanya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **{Na siya ay nagsabi: "Ang sinumang bumigkas sa dalawang talata mula sa hulihan ng Kabanatang Al-Baqarah sa isang gabi ay makakasapat ang dalawang ito sa kanya."}** Ang kahulugan, at si Allāh ay higit na maalam: makasasapat ang dalawang ito sa kanya laban sa bawat kasamaan. Kabilang doon ang pagpaparami ng panalangin ng pagpapakupkop sa pamamagitan ng pagsabi ng: **"A`ūdhu bi-kalimāti -llāhi -**

[7] Qur'ān 2:285.

**ttāmmāti min sharri mā khalaq (Nagpapakupkop ako sa mga ganap na salita ni Allāh laban sa kasamaan ng nilikha Niya)"** sa gabi at maghapon at sa sandali ng pagtuloy sa alinmang tuluyan sa estruktura o disyerto o himpapawid o dagat batay sa sabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang sinumang tumuloy sa isang tuluyan saka nagsabi: "Nagpapakupkop ako sa mga ganap na salita ni Allāh laban sa kasamaan ng anumang nilikha Niya" ay hindi siya pipinsalain ng anuman hanggang sa lumisan siya sa tinuluyan niyang iyon."** Kabilang doon na magsabi ang Muslim sa simula ng maghapon at simula ng gabi nang tatlong ulit: "Bismi -llāhi -lladhī lā yaḍurru ma`a -smihi shay'un fi -l'arḍi wa lā fi -ssamā'i, wa huwa -ssamī`u -l`alīm. **(Sa ngalan ni Allāh na walang makapipinsala sa pangalan Niya na anuman sa lupa ni sa langit at Siya ay ang Nakaririnig, ang Nakaaalam.)"** Ito ay dahil sa katumpakan ng paghimok kaugnay roon buhat sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at na iyon ay isang kadahilanan para sa kaligtasan sa bawat kasamaan. Ang mga dhikr at ang mga panalangin ng pagpapakupkop na ito ay kabilang sa pinakadakila sa mga kadahilanan sa pagkakasanggalang sa kasamaan ng panggagaway at iba pa rito na mga

kasamaan para sa sinumang nagpapanatili sa mga ito nang may katapatan, pananampalataya, tiwala kay Allāh, pagsandig sa Kanya, at kaluwagan ng dibdib sa ipinahihiwatig ng mga ito. Ang mga ito rin ay kabilang sa pinakadakilang sandata para sa pag-aalis ng epekto ng panggagaway matapos ng pagkaganap nito kalakip ng pagpaparami ng pagsusumamo kay Allāh at paghiling sa Kanya (kaluwalhatian sa Kanya) na pawiin ang kapinsalaan at alisin ang kasiraan.

Kabilang sa mga panalanging napagtibay buhat sa kanya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa paggamot ng mga karamdaman mula sa panggagaway at iba pa rito, na binibigkas niya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) noon bilang ruqyah sa mga Kasamahan niya: **"Allāhumma, rabba -nnāsi, adhhibi -lba'sa, wa-shfi anta -shshāfī lā shifā'a illā shifā'uka shifā'an lā yughādiru saqmā (O Allāh, Panginoon ng mga tao, mag-alis Ka ng kasiraan at magpagaling Ka; Ikaw ay ang Tagapagpagaling: walang pagpapagaling kundi ang pagpapagaling Mo bilang pagpapagaling na hindi nag-iiwan ng karamdaman)."** Sasabihin ito nang tatlong ulit. Kabilang din doon ang ruqyah na binibigkas ni Anghel Gabriel sa Propeta

(basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Ito ay ang pagsabi ng: **"Bismi -llāhi arqīka min kulli shay'in yu'dhīka wa-min sharri kulli nafsin aw `aynin ḥāsidin; Allāhu yashfīka, bismi -llāhi arqīk.(Sa ngalan ni Allāh, bumibigkas ako ng ruqyah sa iyo laban sa bawat bagay na pumipinsala sa iyo at laban sa bawat kaluluwa o matang naiinggit; si Allāh ay magpagaling nawa sa iyo; sa ngalan ni Allāh, bumibigkas ako ng ruqyah sa iyo.)"** Ulit-ulitin niya iyon nang tatlong ulit. Kabilang sa panggamot sa panggagaway matapos ng pagkaganap nito rin – na panggamot na kapaki-pakinabang para sa lalaki kapag nawalang-kakayahan siya sa pakikipagtalik sa maybahay niya – na kumuha siya ng pitong dahon ng berdeng sidr saka durugin niya ang mga ito ng bato o tulad nito at ilagay niya ito sa isang lalagyan at buhusan niya ito ng tubig na sasapat para sa paligo at bigkasin niya rito ang āyatulkursīy, ang ika-109 kabanata ng Qur'ān,[8]ang ika-112 kabanata ng Qur'ān,[9]ang ika-113 kabanata ng Qur'ān,[10]ang

[8] Qur'ān 109:1-6.

[9] Qur'ān 112:1-4.

[10] Qur'ān 113:1-5.

ika-114 kabanata ng Qur'ān,[11]at ang mga talata kaugnay sa panggagaway na nasa ika-7 kabanata ng Qur'ān, ang sabi Niya (kaluwalhatian sa Kanya): "Wa-awḥaynā ilā mūsā an alqi `aṣāka fa-idhā hiya talqafu mā ya'fikūna, fa-waqa`a -lḥaqqu wa-baṭala mā kānū ya`malūn, fa-ghulibū hunālika wa-nqalabū ṣāghirīn.

﴿ ۞ وَأَوۡحَيۡنَآ إِلَىٰ مُوسَىٰٓ أَنۡ أَلۡقِ عَصَاكَۖ فَإِذَا هِيَ تَلۡقَفُ مَا يَأۡفِكُونَ ١١٧ فَوَقَعَ ٱلۡحَقُّ وَبَطَلَ مَا كَانُواْ يَعۡمَلُونَ١١٨ فَغُلِبُواْ هُنَالِكَ وَٱنقَلَبُواْ صَٰغِرِينَ١١٩﴾ [الأعراف: 117-119]

**{Nagkasi Kami kay Moises, na [nagsasabi]: "Pumukol ka ng tungkod mo," kaya biglang ito ay lumalamon sa ipinanlilinlang nila. Kaya napagtibay ang katotohanan at napawalang-saysay ang dati nilang ginagawa. Kaya nadaig sila roon at umuwi na mga nanliliit.}"**[12]

[Kabilang din] ang mga talata sa ika-10 kabanata ng Qur'ān, ang sabi Niya (kaluwalhatian sa Kanya): "Wa-qāla fir`awnu -'tūnī bi-kulli sāḥirin `alīm, fa-lammā jā'a -

[11] Qur'ān 114:1-6.

[12] Qur'ān 7:117-119.

ssaḥaratu qāla lahum mūsā alqaw mā antum mulqūn, fa-lammā alqaw qāla mūsā mā ji'tum bihi -ssiḥru inna -llāha sayubṭiluhu inna -llāha lā yuṣliḥu `amala -lmufsidīn, wa-yuḥiqqu -llāhu -lḥaqqa bi-kalimātihi wa-law kariha -lmujrimūn.

﴿وَقَالَ فِرۡعَوۡنُ ٱئۡتُونِي بِكُلِّ سَٰحِرٍ عَلِيمٖ٧٩ فَلَمَّا جَآءَ ٱلسَّحَرَةُ قَالَ لَهُم مُّوسَىٰٓ أَلۡقُواْ مَآ أَنتُم مُّلۡقُونَ٨٠ فَلَمَّآ أَلۡقَوۡاْ قَالَ مُوسَىٰ مَا جِئۡتُم بِهِ ٱلسِّحۡرُۖ إِنَّ ٱللَّهَ سَيُبۡطِلُهُۥٓ إِنَّ ٱللَّهَ لَا يُصۡلِحُ عَمَلَ ٱلۡمُفۡسِدِينَ٨١ وَيُحِقُّ ٱللَّهُ ٱلۡحَقَّ بِكَلِمَٰتِهِۦ وَلَوۡ كَرِهَ ٱلۡمُجۡرِمُونَ٨٢﴾ [يونس: 79-82]

**{Nagsabi si Paraon: "Magdala kayo sa akin ng bawat manggagaway na maalam." Kaya noong dumating ang mga manggagaway ay nagsabi sa kanila si Moises: "Pumukol kayo ng anumang kayo ay mga pupukol." Kaya noong pumukol sila ay nagsabi si Moises: "Ang inihatid ninyo ay ang panggagaway. Tunay na si Allāh ay magpapawalang-saysay rito. Tunay na si Allāh ay hindi nagsasaayos sa gawa ng mga tagatiwali. Nagsasakatotohanan si Allāh sa katotohanan sa pamamagitan ng mga salita Niya kahit pa man nasuklam ang mga salarin.}**"[13]

[Kabilang din] ang mga talata sa ika-20 kabanata ng Qur'ān: "Qālū yā mūsā immā an tulqiya wa-immā an nakūna awwala man alqā, qāla bal alqū fa-idhā ḥibāluhum wa-`iṣīyuhum yukhayyalu ilayhi min siḥrihim annahā tas`ā, fa-awjasa fī nafsihi khīfatam mūsā, qulnā lā takhaf innaka anta -l-a`lā, wa-alqi mā fī yamīnika talqaf mā ṣana`ū innamā ṣana`ū kaydu sāḥirin wa-lā yufliḥu -ssāḥiru ḥaythu atā.

[13] Qur'ān 10:79-82.

﴿قَالُواْ يَٰمُوسَىٰٓ إِمَّآ أَن تُلۡقِيَ وَإِمَّآ أَن نَّكُونَ أَوَّلَ مَنۡ أَلۡقَىٰ٦٥ قَالَ بَلۡ أَلۡقُواْۖ
فَإِذَا حِبَالُهُمۡ وَعِصِيُّهُمۡ يُخَيَّلُ إِلَيۡهِ مِن سِحۡرِهِمۡ أَنَّهَا تَسۡعَىٰ٦٦ فَأَوۡجَسَ فِي
نَفۡسِهِۦ خِيفَةٗ مُّوسَىٰ٦٧ قُلۡنَا لَا تَخَفۡ إِنَّكَ أَنتَ ٱلۡأَعۡلَىٰ٦٨ وَأَلۡقِ مَا فِي
يَمِينِكَ تَلۡقَفۡ مَا صَنَعُوٓاْۖ إِنَّمَا صَنَعُواْ كَيۡدُ سَٰحِرٖۖ وَلَا يُفۡلِحُ ٱلسَّاحِرُ حَيۡثُ
أَتَىٰ٦٩﴾ [طه: 65-69]

**{Nagsabi sila: "O Moises, maaari na pumukol ka at maaari na maging kami ay kauna-unahan sa sinumang pupukol." Nagsabi siya: "Bagkus pumukol kayo." Kaya biglang ang mga lubid nila at ang mga tungkod nila ay ginuniguni sa kanya, dahil sa panggagaway nila, na ang mga ito ay sumisibad. Kaya nakadama sa sarili niya ng isang pangangamba si Moises. Nagsabi Kami: "Huwag kang mangamba; tunay na ikaw ay ang pinakamataas." Magpukol ka ng nasa kanang kamay mo, lalamon ito sa niyari nila. Tunay na ang niyari nila ay isang panlalansi ng isang manggagaway. Hindi nagtatagumpay ang manggagaway saanman siya pumunta.}**"[14]

Matapos ng pagbigkas sa tubig ng nabanggit, iinom mula rito ng tatlong higop at ipaliligo ang natitira. Sa pamamagitan niyon, maglalaho ang sakit kung loloobin ni

[14] Qur'ān 20:65-69.

Allāh. Kung humiling ang pangangailangan para gumamit nito nang dalawang ulit o higit, walang masama [na gawin iyon] hanggang sa maglaho ang sakit.

Kabilang din sa panggamot sa panggagaway, na kabilang sa pinakakapaki-pakinabang sa paggamot dito, ang pag-uukol ng mga pagsisikap sa pag-alam sa kinalalagyan ng panggagaway sa lupa o bundok o iba pa roon. Kaya kapag nalaman ito, nailabas ito, at nasira ito, mawawalang-saysay ang panggagaway.

Ito ay ang naging madali ang paglilinaw kabilang sa mga nauukol na ipinananananggalang sa panggagaway at ipinanggagamot dito. Si Allāh ay ang Karapat-dapat sa pagtutuon.

Hinggil naman sa paggamot nito sa pamamagitan ng gawain ng mga manggagaway, na pagpapakalapit-loob sa mga jinn sa pamamagitan ng pag-aalay ng hayop o iba pa rito kabilang sa mga pampalapit-loob, ito ay hindi pinapayagan dahil ito ay kabilang sa gawain ng demonyo, bagkus kabilang sa Malaking Shirk. Kaya ang kinakailangan ay ang pag-iingat laban doon. Hindi rin pinapayagan ang

paggamot nito sa pamamagitan ng pagtatanong sa mga panghinaharap na manghuhula, mga pangnakaraang manghuhula, at mga salamangkero; at ng paggamit ng sinasabi nila dahil sila ay hindi sumasampalataya at dahil sila ay mga sinungaling na masasamang-loob, na nag-aangkin ng kaalaman sa nakalingid, at nanlilinlang sa mga tao. Nagbigay-babala nga ang Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) laban sa pagpunta sa kanila, pagtatanong sa kanila, at paniniwala sa kanila, gaya ng naunang paglilinaw roon sa unang bahagi ng mensaheng ito. Natumpak nga [ang ḥadīth] ayon sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na siya ay tinanong tungkol sa nushrah kaya nagsabi siya: "Ito ay kabilang sa gawain ng demonyo." Nagsalaysay nito sina Imām Aḥmad at Imām Abū Dāwud nang may kawing ng pagpapaabot na mahusay. Ang nushrah ay ang paglulunas sa panggagaway para sa ginaway. Ang tinutukoy ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pananalita niyang ito ay ang nushrah na ginagawa ng mga kampon ng Kamangmangan. Ito ay ang paghiling sa manggagaway upang lunasan nito ang panggagaway o ang paglunas nito sa pamamagitan ng isang panggagaway na tulad nito mula sa ibang manggagaway.

Hinggil naman sa paglunas nito sa pamamagitan ng ruqyah, mga legal na panalangin ng pagpapakupkop, at mga ipinahihintulot na gamot, walang masama roon gaya ng naunang nabanggit. Nagsateksto niyon ang Paham na si Ibnu Al-Qayyim at si Shaykh `Abdurraḥmān bin Ḥasan sa [aklat na] Fatḥ Al-Majīd (ang awa ni Allāh ay sumakanilang dalawa). Nagsateksto rin niyon ang iba pa sa kanilang dalawa kabilang sa mga may kaalaman.

Si Allāh ay ang hinihilingan na magtuon sa mga Muslim para sa kagalingan laban sa bawat kasamaan at na mangalaga sa kanila ng Relihiyon nila at magtustos sa kanila ng pagkaunawa rito at kagalingan laban sa bawat anumang sumasalungat sa Batas Niya. Basbasan ni Allāh at pangalagaan Niya ang Lingkod Niya at ang Sugo Niyang si Muḥammad, ang mag-anak nito, at ang mga Kasamahan nito.

# Ang Panggagaway ng Maybahay sa Asawa[16]

Mula kay `Abdul`azīz bin `Abdullāh bin Bāz tungo sa presensiya ng pinarangalang kapatid. Ang kapayapaan ay sumainyo, ang awa ni Allāh, at ang mga biyaya Niya. Sa pagsisimula:

Nakarating sa akin ang sulat ninyong may petsang (...). Magparating nawa sa inyo si Allāh ng patnubay Niya at ng nilaman nito na pagpapabatid tungkol sa dumapo sa inyo nang nagnais ka na makipagtalik sa bagong maybahay mo, tungkol sa pagpunta mo sa shaykh at sa ibinigay nito sa iyo na fatwā, at tungkol sa ginawa ng datihang maybahay mo na gawaing naging isang kadahilanan ng pagkapigil sa iyo sa pakikipagtalik sa bagong maybahay mo. Ang tanong mo tungkol sa hatol kaugnay roon ay nalalaman [ang sagot].

Ang sagot: Kapag ang datihang maybahay ay umamin na ng gawaing ito o napagtibay sa kanya iyon sa pamamagitan ng ebidensiya, nakagawa nga siya ng isang

mabigat na nakasasama, bagkus isang kawalang-pananampalataya at isang pagkaligaw dahil ang gawain niyang ito ay ang ipinagbabawal na panggagaway at ang manggagaway ay isang tagatangging sumampalataya, gaya ng sinabi ni Allāh (kaluwalhatian sa Kanya):

﴿وَٱتَّبَعُواْ مَا تَتۡلُواْ ٱلشَّيَٰطِينُ عَلَىٰ مُلۡكِ سُلَيۡمَٰنَۖ وَمَا كَفَرَ سُلَيۡمَٰنُ وَلَٰكِنَّ ٱلشَّيَٰطِينَ كَفَرُواْ يُعَلِّمُونَ ٱلنَّاسَ ٱلسِّحۡرَ وَمَآ أُنزِلَ عَلَى ٱلۡمَلَكَيۡنِ بِبَابِلَ هَٰرُوتَ وَمَٰرُوتَۚ وَمَا يُعَلِّمَانِ مِنۡ أَحَدٍ حَتَّىٰ يَقُولَآ إِنَّمَا نَحۡنُ فِتۡنَةٞ فَلَا تَكۡفُرۡۖ فَيَتَعَلَّمُونَ مِنۡهُمَا مَا يُفَرِّقُونَ بِهِۦ بَيۡنَ ٱلۡمَرۡءِ وَزَوۡجِهِۦۚ وَمَا هُم بِضَآرِّينَ بِهِۦ مِنۡ أَحَدٍ إِلَّا بِإِذۡنِ ٱللَّهِۚ وَيَتَعَلَّمُونَ مَا يَضُرُّهُمۡ وَلَا يَنفَعُهُمۡۚ وَلَقَدۡ عَلِمُواْ لَمَنِ ٱشۡتَرَىٰهُ مَا لَهُۥ فِي ٱلۡأٓخِرَةِ مِنۡ خَلَٰقٖۚ وَلَبِئۡسَ مَا شَرَوۡاْ بِهِۦٓ أَنفُسَهُمۡۚ لَوۡ كَانُواْ يَعۡلَمُونَ١٠٢﴾ [البقرة: 102]

**{Sumunod sila sa binibigkas ng mga demonyo sa paghahari ni Solomon. Hindi tumangging sumampalataya si Solomon bagkus ang mga demonyo ay tumangging sumampalataya; nagtuturo sila sa mga tao ng panggagaway at ng pinababa sa dalawang anghel sa Babilonia, na sina Hārūt at Mārūt. Hindi nagtuturo silang dalawa sa isa man hanggang sa magsabi silang dalawa: "Kami ay tukso lamang, kaya huwag kang tumangging sumampalataya." Kaya natututo sila mula sa kanilang dalawa ng nagpapahihiwalay sa pagitan ng lalaki at**

**maybahay nito. Sila ay hindi mga nakapipinsala sa pamamagitan nito sa isa man malibang ayon sa pahintulot ni Allāh. Natututo sila ng nakapipinsala sa kanila at hindi nagpapakinabang sa kanila. Talaga ngang nakaalam sila na talagang ang sinumang bumili nito ay walang ukol sa kanya sa Kabilang-buhay na anumang bahagi. Talagang kay saklap ng pinagbilihan nila sa mga sarili nila, kung sakaling sila noon ay nakaaalam.}**[15]

Ang marangal na talatang ito ay nagpapatunay na ang panggagaway ay kawalang-pananampalataya, na ang manggagaway ay isang tagatangging sumampalataya, na ang mga manggagaway ay natututo ng nakapipinsala sa kanila at hindi nagpapakinabang sa kanila, na ang mga pakay nila ay ang pagpapahiwalay sa lalaki at maybahay nito, at na walang bahagi para sa kanila sa ganang kay Allāh sa Araw ng Pagbangon: na nangangahulugang walang parte para sa kanila sa kaligtasan. Nasaad sa tumpak na ḥadīth ayon sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na siya ay nagsabi: **{"Umiwas kayo sa pitong tagapagpahamak." Sinabi: "At ano po ang mga**

[15] Qur'ān 2:102.

**ito, O Sugo ni Allāh?" Nagsabi siya: "Ang pagtatambal kay Allāh, ang panggagaway, ang pagpatay ng buhay na ipinagbawal ni Allāh malibang ayon sa katwiran, ang pakikinabang sa patubuan, ang pakikinabang sa yaman ng ulila, ang pagtalikod sa araw ng digmaan, ang paninirang-puri sa mga nakapag-asawang nalilingat na babaing mananampalataya."}**

Hinggil naman sa Shaykh na nagbigay sa iyo ng gamot, ang lumalabas ay na siya ay manggagaway gaya ng babae dahil walang nakababatid sa mga gawain ng panggagaway kundi ang mga manggagaway. Siya rin ay kabilang sa mga pangnakaraang manghuhula at mga panghinaharap na manghuhula na nakikilala sa pag-aangkin ng [kaalaman sa] nakalingid sa marami sa mga bagay-bagay. Ang kinakailangan sa Muslim ay mag-ingat sa kanila at hindi maniwala sa kanila kaugnay sa inaangkin nila [na kaalaman] sa nakalingid batay sa sabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang sinumang pumunta sa isang manghuhula saka nagtanong doon tungkol sa isang bagay, hindi tatanggapin sa kanya ang pagdarasal ng apatnapung araw." Nagtala nito si Imām Muslim sa Ṣaḥīḥ niya. Nagsabi rin siya (basbasan siya ni

Allāh at pangalagaan): "Ang sinumang pumunta sa isang pangnakaraang manghuhula o isang panghinaharap na manghuhula saka naniniwala roon sa sinasabi niyon ay tumanggi ngang sumampalataya sa pinababa kay Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)."

Kaya ang kinakailangan sa iyo ay ang magbalik-loob, ang magsisi sa nangyari na mula sa iyo, at ang magpabatid sa pangulo ng pulisya at pangulo ng hukuman hinggil sa nabanggit na shaykh at datihang maybahay mo upang makagawa ang hukuman at ang pulisya ng anumang magsasawata sa kanila. Kapag nangyari sa iyo ang tulad ng insidenteng ito, magtanong ka sa mga maalam sa Sharī`ah nang sa gayon magpabatid sila sa iyo hinggil sa paggamot na ayon sa Sharī`ah. Tustusan nawa tayo ni Allāh ng pagkaunawa sa Relihiyon, katatagan dito, at kaligtasan sa anumang sumasalungat dito; tunay na Siya ay Galanteng Mapagbigay.

Ang kapayapaan ay sumainyo, ang awa ni Allāh, at ang mga biyaya Niya.

# Ang Hatol sa Pagtatanong sa mga Manggagaway at mga Salamangkero[18]

Tanong: Ang Kapatid na ص. ع. ب. mula sa Riyadh ay nagsasabi sa tanong niya: "Mayroon sa ilan sa mga pook sa Yemen na mga taong tinatawag na mga sayyid. Ang mga ito ay gumagawa ng mga bagay na sumasalungat sa Relihiyon tulad ng salamangka at iba pa rito. Nag-aangkin sila na sila ay nakakakaya sa pagpapagaling sa mga tao sa mga karamdamang di-nagagamot. Nagpapatunay sila niyon sa pamamagitan ng pagsasaksak sa mga sarili nila ng mga punyal o ng pagputol ng mga dila nila, pagkatapos, ng pagpapanumbalik sa mga ito nang walang pinsalang nangyayari sa kanila. Kabilang sa kanila ang nagdarasal at kabilang din sa kanila ang hindi nagdarasal. Gayon din, nagpapahintulot sila para sa sarili nila na mag-asawa mula sa hindi nila angkan at hindi sila nagpapahintulot para sa ibang lalaki na mag-asawa sa angkan nila. Sa sandali ng panalangin nila para sa mga maysakit, nagsasabi sila ng: O

Allāh, O Polano, na isa sa mga ninuno nila. Noong matandang panahon, ang mga tao noon ay dumadakila sa kanila at nagtuturing sa kanila na mga taong hindi pangkaraniwan, at na sila ay mga pinalapit kay Allāh; bagkus tinatawag sila ng mga tao na mga tauhan ni Allāh. Sa ngayon ay nahati ang mga tao kaugnay sa kanila sapagkat mayroon sa mga tao na kumukontra sa kanila – ang mga ito ay isang pangkat ng kabataan at ang ilan sa mga edukado – at mayroon sa mga tao na hindi natitigil sa pagkapit sa kanila – ang mga ito ay ang matatanda at ang mga hindi edukado. Naghahangad kami mula sa Inyong Kabunyian ng paglilinaw sa reyalidad kaugnay sa paksang ito."

Sagot: Ang mga ito at ang mga kawangis nila ay kabilang sa kabuuan ng mga Ṣūfīy na may mga gawaing nakasasama at mga kilos na walang kabuluhan. Sila rin ay kabilang sa kabuuan ng mga manghuhula na nagsabi kaugnay sa kanila ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang sinumang pumunta sa isang manghuhula saka nagtanong doon tungkol sa isang bagay, hindi tatanggapin sa kanya ang pagdarasal ng apatnapung araw." Iyon ay dahil sa pag-aangkin nila ng kaalaman sa nakalingid,

paglilingkod nila sa mga jinn, pagsamba nila sa mga ito, at panlilinlang nila sa mga tao sa pamamagitan ng ginagawa nila na mga uri ng panggagaway, na nagsabi si Allāh kaugnay rito sa kuwento nina Moises at Paraon:

﴿قَالَ أَلْقُواْۖ فَلَمَّآ أَلْقَوْاْ سَحَرُوٓاْ أَعْيُنَ ٱلنَّاسِ وَٱسْتَرْهَبُوهُمْ وَجَآءُو بِسِحْرٍ عَظِيمٖ ١١٦﴾ [الأعراف: 116]

**{Nagsabi siya: "Pumukol kayo." Kaya noong pumukol sila ay gumaway sila sa mga mata ng mga tao, nagpangilabot sila sa mga ito, at naghatid sila ng isang panggagaway na sukdulan. }**[16]

Kaya naman hindi pinapayagan ang pagpunta sa kanila ni ang pagtatanong sa kanila batay sa marangal na ḥadīth na ito at batay sa sabi pa niya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Ang sinumang pumunta sa isang manghuhula saka naniniwala roon sa sinasabi niyon ay tumanggi ngang sumampalataya sa pinababa kay Muḥammad** (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)." Sa ibang pananalita: **"Ang sinumang pumunta sa isang**

[16] Qur'ān 7:116.

**pangnakaraang manghuhula o isang panghinaharap na manghuhula saka naniniwala roon sa sinasabi niyon ay tumanggi ngang sumampalataya sa pinababa kay Muḥammad** (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)."

Hinggil naman sa panalangin nila sa iba pa kay Allāh at pagpapasaklolo nila sa iba pa kay Allāh o pag-aangkin nila na ang mga ama nila at ang mga kanunuan nila ay namamatnugot sa Sansinukob o nagpapagaling ng mga maysakit o tumutugon sa panalangin sa kabila ng pagkamatay ng mga iyon o pagkaliban ng mga iyon, ito sa kabuuan nito ay kabilang sa kawalang-pananampalataya kay Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) at kabilang sa Malaking Shirk. Kaya ang kinakailangan ay ang pagmamasama sa kanila, ang hindi pagpunta sa kanila, ang hindi pagtatanong sa kanila, at ang hindi paniniwala sa kanila dahil sila ay nagsama nga sa mga gawaing ito ng gawain ng mga panghinaharap na manghuhula at mga pangnakaraang manghuhula at ng gawain ng mga tagapagtambal, na mga mananamba ng iba pa kay Allāh, mga nagpapasaklolo sa iba pa kay Allāh, at mga nagpapatulong sa iba pa kay Allāh kabilang sa mga jinn, mga patay, at iba pa sa mga ito kabilang sa inuugnay sa

mga ito at inaakala nila na ang mga ito ay mga ama nila at mga kanunuan nila o kabilang sa iba pang mga tao na inaakala nila na ang mga ito ay may pagtangkilik o ang mga ito ay may himala. Bagkus ang lahat ng ito ay kabilang sa mga gawain ng salamangka at kabilang sa mga gawain ng panghinaharap na panghuhula at pangnakaraang panghuhula, na minamasama sa dinalisay na Batas.

Hinggil naman sa nagaganap na mga kilos na minasama gaya ng pagsasaksak nila sa mga sarili nila ng mga punyal o pagputol nila ng mga dila, ang lahat ng ito ay isang pagkukunwari sa mga tao at ang lahat ng ito ay kabilang sa panggagaway na ipinagbabawal na nagsaad ang mga teksto mula sa Qur'ān at Sunnah ng pagbabawal dito at pagbibigay-babala laban dito gaya ng naunang nabanggit. Kaya hindi nararapat sa nakapag-uunawa na magpalinlang doon. Ito ay kabilang sa uri ng sinabi ni Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya) tungkol sa mga manggagaway ni Paraon:

﴿قَالَ بَلۡ أَلۡقُواْۖ فَإِذَا حِبَالُهُمۡ وَعِصِيُّهُمۡ يُخَيَّلُ إِلَيۡهِ مِن سِحۡرِهِمۡ أَنَّهَا تَسۡعَىٰ٦٦﴾ [طه: 66]

**{...ginuniguni sa kanya, dahil sa panggagaway nila, na ang mga ito ay sumisibad. }**[17]

Ang mga ito ay nagsama nga ng panggagaway at ng salamangka, panghinaharap na panghuhula, at pangnakaraang panghuhula; ng Malaking Shirk, pagpapatulong sa iba pa kay Allāh, at pagpapasaklolo sa iba pa kay Allāh at ng pag-aangkin ng kaalaman sa nakalingid at pamamatnugot sa kaalaman sa Sansinukob. Ito ay maraming uri ng Malaking Shirk at lantarang kawalang-pananampalataya at kabilang sa mga gawain ng salamangka na ipinagbawal ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) at kabilang sa pag-aangkin ng kaalaman sa nakalingid na walang nakaaalam kundi si Allāh, gaya ng sinabi Niya (kaluwalhatian sa Kanya):

﴿قُل لَّا يَعۡلَمُ مَن فِي ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلۡأَرۡضِ ٱلۡغَيۡبَ إِلَّا ٱللَّهُۚ ...﴾ [النمل: 65]

**{Sabihin mo: "Hindi nalalaman ng sinumang nasa mga langit at lupa ang nakalingid maliban kay Allāh,}**[18]

---

[17] Qur'ān 20:66.

Kaya ang kinakailangan sa lahat ng mga Muslim na nakaaalam sa kalagayan nila ay ang magmasama sa kanila, ang maglinaw sa kasagwaan ng mga kilos nila: na ang mga ito ay nakasasama, at ang magsampa ng nauukol sa kanila sa mga nanunungkulan.

Ang mga usapin ay kapag sila ay nasa isang bayang Muslim nang sa gayon maparusahan sila ng nagiging karapat-dapat sa kanila ayon sa Batas bilang pagputol sa kasamaan nila at bilang pagsanggalang sa mga Muslim laban sa mga kabulaanan nila at panlilinlang nila.

Si Allāh ay ang Karapat-dapat sa pagtutuon.

---

[18] Qur'ān 27:65.

# Ang Panggagamot sa Isang Tradisyonal na Manggagamot na Gumagamit ng mga Jinn

Tanong: Mayroong isang pangkat ng mga tao na nanggagamot sa pamamagitan ng tradisyonal na medisina alinsunod sa pananalita nila. Nang pumunta ako sa isa sa kanila, nagsabi ito sa akin: "Isulat mo ang pangalan mo at ang pangalan ng ina mo. Pagkatapos bumalik ka sa amin bukas." Kapag bumabalik sa kanila ang tao ay nagsasabi sila rito: "Tunay na ikaw ay dinapuan ng ganito at gayon. Ang gamot sa iyo ay ganito at gayon." Nagsasabi pa ang isa sa kanila na siya ay gumagamit ng salita ni Allāh sa panggagamot. Kaya ano po ang pananaw ninyo sa tulad ng mga ito? Ano po ang hatol sa pagpunta sa kanila? Tanong ni غ. ع. س. mula sa Ḥa'il, Saudi Arabia.

Sagot: Ang sinumang gumagawa ng bagay na ito sa panggagamot niya, iyon ay isang patunay na siya ay gumagamit ng mga jinn at nag-aangkin ng kaalaman sa

mga nakalingid na bagay kaya naman hindi pinapayagan ang pagpapagamot sa kanya kung paanong hindi pinapayagan ang pagpunta sa kanya ni ang pagtatanong sa kanya batay sa sabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kaugnay sa uring ito ng mga tao: "Ang sinumang pumunta sa isang manghuhula saka nagtanong doon tungkol sa isang bagay, hindi tatanggapin sa kanya ang pagdarasal ng apatnapung araw." Nagtala nito si Imām Muslim sa Ṣaḥīḥ Niya. Napagtibay ayon sa kanya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa ilan sa mga ḥadīth ang pagsaway laban sa pagpunta sa mga panghinaharap na manghuhula, mga pangnakaraang manghuhula, at mga manggagaway, at ang pagsaway sa pagtatanong sa kanila at paniniwala sa kanila. Nagsabi siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang sinumang pumunta sa isang manghuhula saka naniniwala roon sa sinasabi niyon ay tumanggi ngang sumampalataya sa pinababa kay Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)." Ang bawat nag-aangkin ng kaalaman sa nakalingid sa pamamagitan ng pagtapik sa mga bato o mga kaligay (cowry) o pagguhit sa lupa o pagtatanong sa maysakit ng pangalan nito at pangalan ng ina nito o pangalan ng mga kaanak nito, ang lahat ng iyon ay

patunay na siya ay kabilang sa mga pangnakaraang manghuhula at mga panghinaharap na manghuhula na sumaway ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) laban sa pagtatanong sa kanila at paniniwala sa kanila.

Kaya ang kinakailangan ay ang pag-iingat laban sa kanila, sa pagtatanong sa kanila, at sa pagpapagamot sa kanila kahit pa nag-angkin sila na sila ay nanggagamot sa pamamagitan ng Qur'ān dahil bahagi ng kaugalian ng mga alagad ng kabulaanan ang panunuba at ang pandaraya kaya naman hindi pinapayagan ang maniwala sa kanila sa anumang sinasabi nila. Ang kinakailangan sa sinumang nakakilala sa isa sa kanila ay magsampa ng kaso nito sa mga nanunungkulan sa tungkulin gaya ng mga hukom, mga pinuno, at mga sentro ng kapulisan sa bawat bayan nang sa gayon humatol sa kanila ng hatol ni Allāh at nang sa gayon maligtas ang mga Muslim mula sa kasamaan nila, katiwalian nila, at paglamon nila ng mga yaman ng mga tao ayon sa kabulaanan.

Si Allāh ay ang Pinagpapatulungan. Walang pagkilos at walang lakas kundi sa pamamagitan ni Allāh.

# Ang Legal ng Gamot Para sa Panggagaway[22]

Tanong: Nakarinig po ako sa mula sa isa sa mga maalam ng sabi nito na ang sinumang nagpapalagay na siya ay ginawan ng panggagaway ay kailangan sa kanya na kumuha ng pitong dahon ng sidr, pagkatapos maglalagay siya ng mga ito sa isang baldeng tubig at bibigkas siya sa mga ito ng ika-113 kabanata at ika-114 kabanata ng Qur'ān, ng āyatulkursīy, ng ika-109 kabanata ng Qur'ān, ng sabi ni Allāh na:

﴿... وَمَآ أُنزِلَ عَلَى ٱلۡمَلَكَيۡنِ بِبَابِلَ هَٰرُوتَ وَمَٰرُوتَۚ ....﴾ [البقرة: 102]

**{wa-mā unzila `ala -lmalakayni bi-bābila hārūta wa-mārūta...}**,[19]at ng Kabanatang Al-Fātiḥah.

Kaya ano po ang katumpakan nito? Ano po ang gagawin ng sinumang nagpapalagay na siya ay ginaway nga?

[19] Qur'ān 2:102.

Magpatalos po kayo sa amin, magpapatalos sa inyo si Allāh.

Sagot: Walang duda na ang panggagaway ay umiiral at ang ilan dito ay pagpapantasya, at na ito ay nagaganap at nakaaapekto ayon sa pahintulot ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) gaya ng sinabi ni Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya) kaugnay sa pumapatungkol sa mga manggagaway:

﴿وَٱتَّبَعُواْ مَا تَتۡلُواْ ٱلشَّيَٰطِينُ عَلَىٰ مُلۡكِ سُلَيۡمَٰنَۖ وَمَا كَفَرَ سُلَيۡمَٰنُ وَلَٰكِنَّ ٱلشَّيَٰطِينَ كَفَرُواْ يُعَلِّمُونَ ٱلنَّاسَ ٱلسِّحۡرَ وَمَآ أُنزِلَ عَلَى ٱلۡمَلَكَيۡنِ بِبَابِلَ هَٰرُوتَ وَمَٰرُوتَۚ وَمَا يُعَلِّمَانِ مِنۡ أَحَدٍ حَتَّىٰ يَقُولَآ إِنَّمَا نَحۡنُ فِتۡنَةٞ فَلَا تَكۡفُرۡۖ فَيَتَعَلَّمُونَ مِنۡهُمَا مَا يُفَرِّقُونَ بِهِۦ بَيۡنَ ٱلۡمَرۡءِ وَزَوۡجِهِۦۚ وَمَا هُم بِضَآرِّينَ بِهِۦ مِنۡ أَحَدٍ إِلَّا بِإِذۡنِ ٱللَّهِۚ ....﴾ [البقرة: 102]

**{Sumunod sila sa binibigkas ng mga demonyo sa paghahari ni Solomon. Hindi tumangging sumampalataya si Solomon bagkus ang mga demonyo ay tumangging sumampalataya; nagtuturo sila sa mga tao ng panggagaway at ng pinababa sa dalawang anghel sa Babilonia, na sina Hārūt at Mārūt. Hindi nagtuturo silang dalawa sa isa man... Ibig sabihin: [Hindi nagtuturo] ang**

**dalawang anghel. hanggang sa magsabi silang dalawa: "Kami ay tukso lamang, kaya huwag kang tumangging sumampalataya." Kaya natututo sila mula sa kanilang dalawa ng nagpapahihiwalay sa pagitan ng lalaki at maybahay nito. Sila ay hindi mga nakapipinsala sa pamamagitan nito sa isa man malibang ayon sa pahintulot ni Allāh.}**[20]

Kaya ang panggagaway ay may pag-epekto subalit ito ay ayon sa pahintulot ni Allāh na pansansinukob na pampagtatakda yayamang hindi nagkaroon sa Kairalan ng anuman malibang ayon sa pagtatadhana ni Allāh at pagtatakda Niya (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya) subalit ang panggagaway na ito ay may lunas at may gamot. Naganap nga ito sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ngunit iniligtas siya ni Allāh mula rito at sinagip siya mula sa kasamaan nito. Natagpuan nila ang ginawa ng manggagaway saka kinuha iyon at sinira iyon saka pinagaling ni Allāh ang Propeta Niya mula roon – sumakanya ang basbas at ang pangangalaga. Gayon din kapag natagpuan ang ginawa ng manggagaway na

[20] Qur'ān 2:102.

pagbubuhol ng mga pisi o pagtatali ng mga pako sa isa't isa o iba pa roon: tunay na iyon ay sisirain dahil kabilang sa gawain ng mga manggaway na umihip sa mga buhol. Parurusahan sila sa mga ito dahil sa mga pakay nilang karima-rimarim. Maaaring mangyari ang ninais nila ayon sa pahintulot ni Allāh at maaaring mawalang-saysay ito. Ang Panginoon natin sa bawat bagay ay May-kakayahan (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya). Magkaminsan, ginagamot ang panggagaway sa pamamagitan ng pagbigkas ng panalangin, maging iyon man ay sa pamamagitan ng pagbigkas ng ginaway mismo kapag ang isip niya ay matino at magkaminsan sa pamamagitan ng pagbigkas ng iba pa sa kanya saka iihip ito sa kanya sa dibdib niya o sa alinmang bahagi ng katawan niya at bibigkasin sa kanya ang Al-Fātiḥah, ang āyatulkursīy, ang ika-112 kabanata, ang ika-113 kabanata, ang ika-114 kabanata ng Qur'ān, at ang mga kilalang talata sa panggagaway mula sa ika-7 kabanata ng Qur'ān, ika-10 kabanata ng Qur'ān, at ika-20 kabanata ng Qur'ān. Ang mula sa ika-7 kabanata ng Qur'ān ay ang sabi Niya (napakataas Siya):

﴿۞ وَأَوۡحَيۡنَآ إِلَىٰ مُوسَىٰٓ أَنۡ أَلۡقِ عَصَاكَۖ فَإِذَا هِيَ تَلۡقَفُ مَا يَأۡفِكُونَ ١١٧ فَوَقَعَ ٱلۡحَقُّ وَبَطَلَ مَا كَانُواْ يَعۡمَلُونَ ١١٨ فَغُلِبُواْ هُنَالِكَ وَٱنقَلَبُواْ صَٰغِرِينَ ١١٩﴾ [الأعراف: 117-119]

**{Wa-awḥaynā ilā mūsā an alqi `aṣāka fa-idhā hiya talqafu mā ya'fikūna, fa-waqa`a -lḥaqqu wa-baṭala mā kānū ya`malūn, fa-ghulibū hunālika wa-nqalabū ṣāghirīn. (Nagkasi Kami kay Moises, na [nagsasabi]: "Pumukol ka ng tungkod mo," kaya biglang ito ay lumalamon sa ipinanlilinlang nila. Kaya napagtibay ang katotohanan at napawalang-saysay ang dati nilang ginagawa. Kaya nadaig sila roon at umuwi na mga nanliliit.)}**[21]

Ang mula sa ika-10 kabanata ng Qur'ān ay ang sabi Niya (kaluwalhatian sa Kanya):

﴿۞ وَأَوۡحَيۡنَآ إِلَىٰ مُوسَىٰٓ أَنۡ أَلۡقِ عَصَاكَۖ فَإِذَا هِيَ تَلۡقَفُ مَا يَأۡفِكُونَ ١١٧ فَوَقَعَ ٱلۡحَقُّ وَبَطَلَ مَا كَانُواْ يَعۡمَلُونَ ١١٨ فَغُلِبُواْ هُنَالِكَ وَٱنقَلَبُواْ صَٰغِرِينَ ١١٩﴾ [الأعراف: 117-119]

---

[21] Qur'ān 7:117-119.

**{Wa-qāla fir`awnu -'tūnī bi-kulli sāḥirin `alīm, fa-lammā jā'a -ssaḥaratu qāla lahum mūsā alqū mā antum mulqūn, fa-lammā alqaw qāla mūsā mā ji'tum bihi -ssiḥru inna -llāha sayubṭiluhu inna -llāha lā yuṣliḥu `amala -lmufsidīn, wa-yuḥiqqu -llāhu -lḥaqqa bi-kalimātihi wa-law kariha -lmujrimūn. (Nagsabi si Paraon: "Magdala kayo sa akin ng bawat manggagaway na maalam." Kaya noong dumating ang mga manggagaway ay nagsabi sa kanila si Moises: "Pumukol kayo ng anumang kayo ay mga pupukol." Kaya noong pumukol sila ay nagsabi si Moises: "Ang inihatid ninyo ay ang panggagaway. Tunay na si Allāh ay magpapawalang-saysay rito. Tunay na si Allāh ay hindi nagsasaayos sa gawa ng mga tagatiwali. Nagsasakatotohanan si Allāh sa katotohanan sa pamamagitan ng mga salita Niya kahit pa man nasuklam ang mga salarin.")}**[22]

Ang mula sa ika-20 kabanata ng Qur'ān ay ang sabi Niya (kaluwalhatian sa Kanya):

---

[22] Qur'ān 10:79-82.

﴿قَالُواْ يَٰمُوسَىٰٓ إِمَّآ أَن تُلۡقِيَ وَإِمَّآ أَن نَّكُونَ أَوَّلَ مَنۡ أَلۡقَىٰ٦٥ قَالَ بَلۡ أَلۡقُواْۖ
فَإِذَا حِبَالُهُمۡ وَعِصِيُّهُمۡ يُخَيَّلُ إِلَيۡهِ مِن سِحۡرِهِمۡ أَنَّهَا تَسۡعَىٰ٦٦ فَأَوۡجَسَ فِي
نَفۡسِهِۦ خِيفَةٗ مُّوسَىٰ٦٧ قُلۡنَا لَا تَخَفۡ إِنَّكَ أَنتَ ٱلۡأَعۡلَىٰ٦٨ وَأَلۡقِ مَا فِي
يَمِينِكَ تَلۡقَفۡ مَا صَنَعُوٓاْۖ إِنَّمَا صَنَعُواْ كَيۡدُ سَٰحِرٖۖ وَلَا يُفۡلِحُ ٱلسَّاحِرُ حَيۡثُ
أَتَىٰ٦٩﴾ [طه: 65-69]

**{Qālū yā mūsā immā an tulqiya wa-immā an nakūna awwala man alqā, qāla bal alqu fa-idhā ḥibāluhum wa-`iṣīyuhum yukhayyalu ilayhi min siḥrihim annahā tas`ā, fa-awjasa fī nafsihi khīfatam mūsā, qulnā lā takhaf innaka anta -l-a`lā, wa-alqi mā fī yamīnika talqaf mā ṣana`ū innamā ṣana`ū kaydu sāḥirin wa-lā yufliḥu -ssāḥiru ḥaythu atā. (Nagsabi sila: "O Moises, maaari na pumukol ka at maaari na maging kami ay kauna-unahan sa sinumang pupukol." Nagsabi siya: "Bagkus pumukol kayo." Kaya biglang ang mga lubid nila at ang mga tungkod nila ay ginuniguni sa kanya, dahil sa panggagaway nila, na ang mga ito ay sumisibad. Kaya nakadama sa sarili niya ng isang pangangamba si Moises. Nagsabi Kami: "Huwag kang mangamba; tunay na ikaw ay ang pinakamataas." Magpukol ka ng nasa kanang kamay mo, lalamon ito sa niyari nila. Tunay na ang niyari nila ay isang panlalansi ng isang manggagaway. Hindi**

**nagtatagumpay ang manggagaway saanman siya pumunta.)}**[23]

Bibigkasin din ang ika-109 kabanata ng Qur'ān hanggang sa katapusan nito, ang ika-112 kabanata, ang ika-113 kabanata, at ang ika-114 kabanata ng Qur'ān. Ang pinakanararapat ay ulit-ulitin ang ika-112 kabanata, ang ika-113 kabanata, at ang ika-114 kabanata ng Qur'ān nang tigtatlong ulit. Pagkatapos mananalangin para rito ng paggaling: "Allāhumma, rabba -nnāsi, adhhibi -lba'sa, wa-shfi anta -shshāfī lā shifā'a illā shifā'uka shifā'an lā yughādiru saqmā (O Allāh, Panginoon ng mga tao, mag-alis Ka ng kasiraan at magpagaling Ka; Ikaw ay ang Tagapagpagaling: walang pagpapagaling kundi ang pagpapagaling Mo bilang pagpapagaling na hindi nag-iiwan ng karamdaman)." Uulit-ulitin ito nang tatlong ulit. Gayon din, bibigkas ng ruqyah ang nanggagamot para rito sa pamamagitan ng pagsabi ng: "Bismi -llāhi arqīka min kulli shay'in yu'dhīka wa-min sharri kulli nafsin aw `aynin ḥāsidin; Allāhu yashfīka, bismi -llāhi arqīk.(Sa ngalan ni Allāh, bumibigkas ako ng ruqyah sa iyo laban sa bawat

[23] Qur'ān 20:65-69.

bagay na pumipinsala sa iyo at laban sa bawat kaluluwa o matang naiinggit; si Allāh ay magpagaling nawa sa iyo; sa ngalan ni Allāh, bumibigkas ako ng ruqyah sa iyo.)" Mag-uulit-ulit siya nito nang tatlong ulit at mananalangin siya para roon ng paggaling at kagalingan. Kung magsasabi naman siya sa ruqyah roon ng: "U`īdhuka bi-kalimāti -llāhi -ttāmmāti min sharri mā khalaq (Ipinakukupkop kita sa mga ganap na salita ni Allāh laban sa kasamaan ng nilikha Niya)" at mag-uulit-ulit siya nito nang tatlong ulit, maganda rin.

Ang lahat ng ito ay bahagi ng lunas na nakapagpapakinabang. Kung bibigkas siya ng ruqyah at panalanging ito sa tubig, pagkatapos iinom mula rito ang ginaway at ipampapaligo niya ang natirang tubig, ito ay magiging kabilang sa mga kadahilanan ng paggaling at kagalingan ayon sa pahintulot ni Allāh. Kung maglalagay siya sa tubig ng pitong dahon ng berdeng sidr matapos ng pagdurog ng mga ito, ito rin ay magiging kabilang sa mga kadahilanan ng paggaling. Nasubok nga ito nang madalas at nagpakinabang si Allāh sa pamamagitan nito. Ginawa nga namin ito sa marami sa mga tao saka nagpakinabang naman sa kanila si Allāh dahil doon. Kaya naman ito ay

isang gamot na nagpapagaling at napakikinabangan para sa mga ginaway. Ganito nagpapakinabang ang gamot na ito sa sinumang nahadlangan sa maybahay niya dahil ang iba sa mga tao ay maaaring nahahadlangan sa maybahay niya kaya hindi siya nakakakaya na makipagtalik dito. Kapag gumamit siya ng ruqyah na ito at panalanging ito, magpapakinabang ito sa kanya ayon sa pahintulot ni Allāh, bumigkas man siya nito sa sarili niya o bumigkas nito sa kanya ang iba pa sa kanya o bumigkas siya nito sa tubig, pagkatapos uminom siya mula rito at ipinampaligo niya ang natitira. Ang lahat ng ito ay nagpapakinabang, ayon sa pahintulot ni Allāh, para sa ginaway at hinadlangan [sa pakikipagtalik] sa maybahay niya. Ang mga ito ay kabilang sa mga kadahilanan. Si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya) ay ang Tagapagpagaling – tanging Siya – at Siya sa bawat bagay ay May-kakayahan. Nasa kamay Niya (kapita-pitagan Siya at kataas-taasan) ang gamot at ang sakit. Ang bawat bagay ay ayon sa pagtatadhana Niya at pagtatakda Niya (kaluwalhatian sa Kanya). Natumpak nga [ang ḥadīth] buhat sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na siya ay nagsabi: "Hindi nagpababa si Allāh ng isang sakit malibang nagpababa Siya para rito ng isang lunas na nakaalam dito ang sinumang

nakaalam dito at namangmang dito ang sinumang namangmang dito."

Ito ay isang kabutihang-loob mula sa Kanya (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya). Si Allāh ay ang Tagapagtuon at ang Tagapagpatnubay tungo sa katumpakan ng landas.

# Ang Pagliliwanag sa Katotohanan Kaugnay sa Pagpasok ng Jinn sa Tao at ang Tugon sa Sinumang Nagkaila Niyon[28]

Ang papuri ay ukol kay Allāh. Ang basbas at ang pangangalaga ay ukol sa Sugo ni Allāh, sa mag-anak niya, mga Kasamahan Niya, at sinumang napatnubayan sa pamamagitan ng patnubay niya.

Sa pagpapatuloy, naglathala nga ang ilan sa mga lokal na pahayagan at iba pa sa mga ito sa buwan ng Sha`bān ng taong ito, taong 1407 H, ng mga usapang pinaikli at pinahaba tungkol sa nangyari na pagpapahayag ng isa sa mga jinn, na sumanib sa isa sa mga babaing Muslim sa Riyadh, ng pagyakap niya sa Islām sa harap ko matapos na nagpahayag siya nito sa harap ng kapatid na `Abdullāh bin Musharraf Al-`Umarīy na residente ng Riyadh matapos na bumigkas [ng panalangin] ang nabanggit sa sinapian. Nakipag-usap ito sa jinn, nagpaalaala sa kanya hinggil kay

Allāh, at nagpabatid sa kanya na ang kawalang-katarungan ay bawal at mabigat na kasalanan. Nagpaanyaya ito sa jinn tungo sa Islām noong nagpabatid siya rito na siya ay isang Kāfir na Budhista at nag-anyaya ito sa kanya na lumabas mula sa babae. Nakumbinsi naman ang jinn sa paanyaya at nagpahayag siya ng pagyakap niya sa Islām sa harap ng nabanggit na si `Abdullāh. Pagkatapos naghangad ang nabanggit na si `Abdullāh at ang mga katangkilik ng babae [na sinaniban] na padaluhin sa harap ko ang babae nang sa gayon marinig ko ang pagpapahayag ng pag-anib ng jinn sa Islām. Dumating sila sa piling ko saka nagtanong ako sa kanya tungkol sa mga kadahilanan ng pagpasok niya sa babae. Nagpabatid naman siya sa akin ng mga kadahilanan. Nagsalita siya sa pamamagitan ng dila ng babae subalit iyon ay pananalita ng isang lalaki at hindi pananalita ng isang babae, habang ang babae naman ay nasa silya na nasa tabi ko samantalang ang lalaking kapatid nito, ang babaing kapatid nito, si `Abdullāh bin Musharraf na nabanggit, at ang ilan sa mga shaykh ay sumasaksi niyon at nakaririnig ng pananalita ng jinn. Nagpahayag nga siya ng pagyakap niya sa Islām nang tahasan at nagpabatid siya na siya ay isang Indiyanong Budhismo ang relihiyon. Nagpayo naman ako sa kanya at

nagtagubilin ako sa kanya ng pangingilag magkasala kay Allāh at na lumabas siya mula sa babaing ito at lumayo sa pang-aapi rito. Tumugon naman siya sa akin doon at nagsabi: "Ako ay nakumbinsi sa Islām." Nagtagubilin ako sa kanya na mag-anyaya sa mga kalipi niya tungo sa Islām matapos na nagpatnubay sa kanya si Allāh saka nangako naman siya ng mabuti at lumisan siya sa babae. Ang huling salita na sinabi niya ay ang kapayapaan ay sumainyo. Pagkatapos nagsalita ang babae sa nakagawiang pagsasalita niya at nakaramdam ako ng kaligtasan niya at kapahingahan niya mula sa pagod. Pagkatapos bumalik siya sa akin matapos ng isang buwan o higit kasama ng dalawang lalaking kapatid niya, tiyuhin niya, at babaing kapatid niya. Nagpabatid siya sa akin na siya ay nasa mabuti at maayos, at na hindi na bumalik sa kanya [ang jinn]. Ang papuri ay ukol kay Allāh. Nagtanong ako sa kanya tungkol sa nararamdaman niya nang nakasanib iyon sa kanya. Sumagot naman siya na siya ay nakararamdam ng mga masamang ideyang sumasalungat sa Batas at nakararamdam siya ng pagkiling sa relihiyong Budhista at pagtalos sa mga aklat na inakdaan kaugnay rito. Pagkatapos matapos na nagligtas si Allāh sa kanya mula roon, naglaho sa kanya ang mga ideyang ito at bumalik

siya sa dating kalagayan niya na malayo sa mga lihis na ideyang ito. Umabot nga sa akin buhat kay Shaykh `Alīy Aṭ-Ṭanṭāwīy na siya ay nagkaila ng tulad ng pangyayari ng bagay na ito. Binanggit niya na ito ay isang panloloko at isang kasinungalingan at na ito ay maaaring isang nakarekord na pakikipag-usap sa babae at hindi nangyaring siya ay bumigkas niyon. Hiniling ko nga ang cassette tape na nakarekord doon ang pananalita niya at nalaman ko mula roon ang binanggit niya. Nagtaka nga ako nang labis sa paggigiit niya na iyon daw ay nakarekord gayong ako ay nagtanong sa jinn ng ilang tanong at sumasagot naman iyon. Ito ay kabilang sa pinakapangit na pagkakamali at kabilang sa paggigiit ng kabulaanan. Nag-akala rin siya sa pananalita niya na ang pag-anib sa Islām ng jinn sa kamay ng tao ay sumasalungat sa sabi ni Allāh (napakataas Siya) sa kuwento ni Solomon:

﴿... وَهَبۡ لِي مُلۡكٗا لَّا يَنۢبَغِي لِأَحَدٖ مِّنۢ بَعۡدِيٓۖ ....﴾ [ص: 35]

**{at magkaloob Ka sa akin ng isang paghaharing hindi nararapat para sa isa matapos na [ng pagkakaloob] sa akin;}**[24]

Walang duda na ito ay isang pagkakamali mula sa kanya rin – patnubayan siya ni Allāh – at isang walang kabuluhang pagkaintindi sapagkat sa pag-anib sa Islām ng jinn sa kamay ng tao ay walang anumang sumasalungat sa paanyaya ni Solomon. May umanib nga sa Islām na isang malaking pangkat ng mga jinn sa kamay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan).

Nagpaliwanag nga si Allāh niyon sa Kabanatang Al-Aḥqāf at Kabanatang Al-Jinn. Napagtibay sa Dalawang Ṣaḥīḥ mula sa ḥadīth ni Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na siya ay nagsabi: "Tunay na ang demonyo ay humarap sa akin saka nag-udyok sa akin upang maputol niya sa akin ang pagdarasal ngunit nagpanaig sa akin si Allāh laban sa kanya, kaya sinakal ko siya. Talaga ngang nagbalak ako na gumapos sa kanya sa isang haligi

[24] Qur'ān 38:35.

hanggang sa mag-umaga nang sa gayon tumingin kayo sa kanya [ngunit] nakaalaala ako sa sabi ng kapatid kong si [Propeta] Solomon – sumakanya ang pangangalaga:

﴿قَالَ رَبِّ ٱغۡفِرۡ لِي وَهَبۡ لِي مُلۡكٗا لَّا يَنۢبَغِي لِأَحَدٖ مِّنۢ بَعۡدِيٓۖ إِنَّكَ أَنتَ ٱلۡوَهَّابُ ٣٥﴾ [ص: 35]

**{Panginoon ko, magpatawad Ka sa akin at magkaloob Ka sa akin ng isang paghaharing hindi nararapat para sa isa matapos na [ng pagkakaloob] sa akin;}**[25]

kaya nagpabalik sa kanya si Allāh habang itinataboy." Ito ay ang pananalita sa Ṣaḥīḥ Al-Bukhārīy at ang pananalita naman sa Ṣaḥīḥ Muslim: "Tunay na may isang mabalasik na jinn na nagsimulang tumambad sa akin kahapon upang maputol niya sa akin ang pagdarasal. Tunay na si Allāh ay nagpanaig sa akin laban sa kanya, kaya sinakal ko siya, saka talaga ngang nagbalak ako na gumapos sa kanya sa tabi ng isang haligi kabilang sa mga haligi ng masjid hanggang sa mag-umaga para tumingin kayo sa kanya

[25] Qur'ān 38:35.

nang sama-sama o lahat kayo, pagkatapos nakaalaala ako sa sabi ng kapatid kong si [Propeta] Solomon:

﴿قَالَ رَبِّ ٱغۡفِرۡ لِي وَهَبۡ لِي مُلۡكٗا لَّا يَنۢبَغِي لِأَحَدٖ مِّنۢ بَعۡدِيٓۖ إِنَّكَ أَنتَ ٱلۡوَهَّابُ ٣٥﴾ [ص: 35]

**{Panginoon ko, magpatawad Ka sa akin at magkaloob Ka sa akin ng isang paghaharing hindi nararapat para sa isa matapos na [ng pagkakaloob] sa akin;}**[26]kaya nagpabalik sa kanya si Allāh habang itinataboy." Nagsalaysay si Imām An-Nasā'īy ayon sa kundisyon ni Imām Al-Bukhārīy ayon kay `Ā'ishah (malugod si Allāh sa kanya) na ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay minsang nagdarasal saka pinuntahan siya ng demonyo kaya dinaklot ito ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) saka gumupo siya rito saka sumakal siya rito. Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "...hanggang sa nakaramdam ako ng lamig ng dila niya sa kamay ko at kung hindi sa panalangin ni Solomon ay talaga sanang inumaga siya na nakagapos hanggang sa makita siya ng mga tao." Nagsalaysay nito

[26] Qur'ān 38:35.

sina Imām Aḥmad at Abū Dāwud mula sa ḥadīth ni Abū Sa`īd. Nasaad dito: "Kaya nag-abot ako ng kamay ko saka hindi ako natigil na sumasakal sa kanya hanggang sa naramdaman ko ang lamig ng laway niya sa pagitan ng dalawang daliri kong ito, ang hinlalaki at ang kasunod nito." Nagsadokumento si Imām Al-Bukhārīy sa Ṣaḥīḥ niya bilang komentaryong nagtitiyak nito, Tomo 4, Pahina 487 mula sa Al-Fatḥ ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na siya ay nagsabi: {Nagtalaga sa akin ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa pag-iingat ng zakāh ng Ramaḍān, saka may pumunta sa akin na isang pumupunta saka nagsimula siyang dumadakot mula sa pagkain kaya dinaklot ko siya saka nagsabi ako: "Sumpa man kay Allāh, talagang magsasampa nga ako sa iyo sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)." Nagsabi siya: "Tunay na ako ay nangangailangan. Mayroon akong mga anak at mayroon akong isang matinding pangangailangan." Kaya pinakawalan ko siya saka inumaga ako saka nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "O Abū Hurayrah, ano ang ginawa ng bihag mo kahapon?" Nagsabi ako: "O Sugo ni Allāh, dumaing siya ng isang matinding pangangailangan at [pagkakaroon ng] mga anak, kaya naawa naman ako sa

kanya kaya pinakawalan ko siya sa landas niya." Nagsabi siya: "Pakatandaan, tunay na siya ay nagsinungaling sa iyo at babalik siya." Kaya nalaman ko na siya ay babalik batay sa sabi ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Kaya tumambang ako sa kanya saka dumating siya saka dumakot mula sa pagkain, kaya dinaklot ko siya saka nagsabi ako: "Talagang magsasampa nga ako sa iyo sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Nagsabi siya: "Hayaan mo ako sapagkat tunay na ako ay nangangailangan. Mayroon akong mga anak at hindi ako babalik." Kaya naman ako sa kanya kaya pinakawalan ko siya sa landas niya saka inumaga ako saka nagsabi sa akin ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "O Abū Hurayrah, ano ang ginawa ng bihag mo kahapon?" Nagsabi ako: "O Sugo ni Allāh, dumaing siya ng isang matinding pangangailangan at [pagkakaroon ng] mga anak, kaya naawa naman ako sa kanya kaya pinakawalan ko siya sa landas niya." Nagsabi siya: "Pakatandaan, tunay na siya ay nagsinungaling nga sa iyo at babalik siya." Kaya nalaman ko na siya ay babalik batay sa sabi ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Kaya tumambang ako sa kanya sa ikatlong pagkakataon saka dumating siya saka dumakot mula sa

pagkain, kaya dinaklot ko siya saka nagsabi ako: "Talagang magsasampa nga ako sa iyo sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Ito ay ang kahuli-hulihan sa tatlong ulit na ikaw ay naggigiit na hindi ka babalik, pagkatapos tunay na ikaw ay bumabalik." Nagsabi siya: "Hayaan mo ako na magturo sa iyo ng mga salitang magpapakinabang sa iyo si Allāh sa pamamagitan ng mga ito." Nagsabi ako: "Ano ang mga iyan?" Nagsabi siya: "Kapag nakapunta ka sa higaan mo ay bumigkas ka ng āyatulkursīy: Allāhu lā ilāha illā huwa -lḥayyu -lqayyūm...[27]hanggang sa matapos mo ang talata sapagkat tunay na hindi matitigil sa iyo mula kay Allāh na may isang tagapag-ingat at wala ngang makalalapit sa iyo na isang demonyo hanggang sa umagahin ka." Kaya pinakawalan ko siya sa landas niya, saka inumaga ako, saka nagsabi sa akin ang Sugo ni Allāh: "Ano ang ginawa ng bihag mo kahapon?" Nagsabi ako: "O Sugo ni Allāh, nagsabi siya na siya raw ay magtuturo sa akin ng mga salitang magpapakinabang sa akin si Allāh sa pamamagitan ng mga ito kaya pinakawalan ko siya sa landas niya." Nagsabi siya: “Ano ang mga iyan?” Nagsabi ako: "Nagsabi siya sa akin: Kapag nakapunta ka sa higaan mo ay bumigkas ka ng

[27] Qur'ān 2:255.

āyatulkursīy mula sa simula nito hanggang sa matapos mo ang talata: Allāhu lā ilāha illā huwa -lḥayyu -lqayyūm... Nagsabi siya sa akin: Hindi matitigil sa iyo mula kay Allāh na may isang tagapag-ingat at wala ngang makalalapit sa iyo na isang demonyo hanggang sa umagahin ka." Sila noon ay pinakamasigasig sa kabutihan kaya nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Pakatandaan, tunay na siya ay nagtapat sa iyo gayong siya ay magpasinungaling. Nakaaalam ka ba kung sino ang kinakausap mo magmula ng tatlong gabi, O Abū Hurayrah?" Nagsabi ako: "Hindi po." Nagsabi siya: "Iyon ay demonyo."}

Nagpabatid nga ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa tumpak na ḥadīth na isinalaysay ng Dalawang Shaykh ayon kay Ṣafīyah (malugod si Allāh sa kanya) na ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Tunay na ang demonyo ay dumadaloy sa anak ni Adan gaya ng pagdaloy ng dugo." Nagsalaysay si Imām Aḥmad sa Al-Musnad, Tomo 4, Pahina 216 nang may kawing ng pagpapaabot na tumpak, na si `Uthmān bin Abī Al-`Aṣṣ (malugod si Allāh sa kanya) ay nagsabi: {"O Sugo ni Allāh, humarang ang demonyo sa

pagitan ko at ng dasal ko at ng pagbigkas ko." Nagsabi siya: "Iyan ay [gawain ng] isang demonyo na sinasabing si Khinzab. Kaya kapag ikaw ay nakadama sa kanya, magpakupkop ka kay Allāh laban sa kanya at dumura ka sa gawing kaliwa mo nang tatlong ulit." Nagsabi ito: "Kaya ginawa ko iyon kaya nag-alis nito si Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) sa akin."} Napagtibay rin sa mga tumpak na ḥadīth ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang bawat tao ay may kasamang isang kasabay kabilang sa mga anghel at isang kasabay kabilang sa mga demonyo, pati na ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), gayon pa man si Allāh ay tumulong sa kanya laban doon kaya umanib sa Islām iyon kaya hindi iyon nag-uutos sa kanya kundi ng isang kabutihan. Nagpatunay nga ang Aklat ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan), ang Sunnah ng Sugo Niya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), at ang pagkakaisa ng hatol ng Kalipunang Islām sa pagkamaaari ng pagpasok ng jinn sa tao at paggupo niyon dito. Kaya naman papaanong maaari para sa sinumang nauugnay sa kaalaman na magkaila niyon nang walang kaalaman ni patnubay? Bagkus bilang paggaya-gaya sa ilan sa mga kampon ng mga bid`ah, na mga tagasalungat sa mga

Alagad ng Sunnah at Bukluran. Si Allāh ay ang Pinagpapatulungan. Walang pagkilos at walang lakas kundi sa pamamagitan ni Allāh. Ako ay nagpapaalaala sa iyo, O mambabasa, ng naging madali mula sa pananalita ng mga may kaalaman kaugnay roon kung loloobin ni Allāh. Ang Paglilinaw sa Pananalita ng mga Tagapagpakahulugan ng Qur'ān – Kaawaan Sila ni Allāh – Kaugnay sa Sabi Niya (Napakataas Siya):

﴿ٱلَّذِينَ يَأۡكُلُونَ ٱلرِّبَوٰاْ لَا يَقُومُونَ إِلَّا كَمَا يَقُومُ ٱلَّذِي يَتَخَبَّطُهُ ٱلشَّيۡطَٰنُ مِنَ ٱلۡمَسِّ...﴾ [البقرة: 275]

**{Ang mga kumakain ng papatubo ay hindi bumabangon malibang kung paanong bumangon ang pinatuliro ng demonyo dahil sa kabaliwan.}**[28]

Nagsabi si Abū Ja`far (kaawaan siya ni Allāh) sa pagpapakahulugan ng sabi Niya (napakataas Siya):

﴿ٱلَّذِينَ يَأۡكُلُونَ ٱلرِّبَوٰاْ لَا يَقُومُونَ إِلَّا كَمَا يَقُومُ ٱلَّذِي يَتَخَبَّطُهُ ٱلشَّيۡطَٰنُ مِنَ ٱلۡمَسِّۚ ...﴾ [البقرة: 275]

[28] Qur'ān 2:275.

**{Ang mga kumakain ng papatubo ay hindi bumabangon malibang kung paanong bumangon ang pinatuliro ng demonyo dahil sa kabaliwan.}**[29]

Ang teksto nito ay nangangahulugan doon na nagpapaulol sa kanya ang demonyo sa Mundo at ito ang sumasakal sa kanya saka gumugupo sa kanya mula sa pagkabaliw.

Nagsabi si Al-Baghawīy (kaawaan siya ni Allāh) sa pagpapakahulugan ng talatang nabanggit, na ang teksto nito:

﴿ٱلَّذِينَ يَأۡكُلُونَ ٱلرِّبَوٰاْ لَا يَقُومُونَ إِلَّا كَمَا يَقُومُ ٱلَّذِي يَتَخَبَّطُهُ ٱلشَّيۡطَٰنُ مِنَ ٱلۡمَسِّۚ ...﴾ [البقرة: 275]

**{hindi bumabangon malibang kung paanong bumangon ang pinatuliro ng demonyo dahil sa kabaliwan.}**[30]

Ibig sabihin ay ang pagkabaliw. Sinasabi pinabaliw ang tao kaya siya ay nabaliw kapag siya ay naging baliw.

---

[29] Qur'ān 2:275.

[30] Qur'ān 2:275.

Nagsabi si Ibnu Kathīr (kaawaan siya ni Allāh) sa pagpapakahulugan ng talatang nabanggit ang teksto nito:

﴿ٱلَّذِينَ يَأۡكُلُونَ ٱلرِّبَوٰاْ لَا يَقُومُونَ إِلَّا كَمَا يَقُومُ ٱلَّذِي يَتَخَبَّطُهُ ٱلشَّيۡطَٰنُ مِنَ ٱلۡمَسِّۚ ...﴾ [البقرة: 275]

**{Ang mga kumakain ng papatubo ay hindi bumabangon malibang kung paanong bumangon ang pinatuliro ng demonyo dahil sa kabaliwan.}**[31]

Ibig sabihin ay hindi sila babangon mula sa mga libingan nila sa Araw ng Pagbangon malibang kung paanong bumabangon ang iginupo [ng demonyo] sa sandali ng pagkagupo sa kanya at pagtutuliro ng demonyo sa kanya. Iyon ay dahil siya ay babangon nang pagbangon na masama. Nagsabi si Ibnu `Abbās (malugod si Allāh sa kanya): "Ang mga tagakain ng patubo ay bubuhayin sa Araw ng Pagbangon bilang baliw na nasasakal." Nagsalaysay nito si Ibnu Abī Ḥātim. Nagsabi siya at isinalaysay ito.

---

[31] Qur'ān 2:275.

Ayon kina `Awf bin Mālik, Sa`īd bin Jubayr, As-Sady, Ar-Rabī` bin Anas, Qatādah, Muqātil bin Ḥibbān ang tulad niyon. Nagwakas ang pinapakay mula sa pananalita niya (kaawaan siya ni Allāh).

Nagsabi si Al-Qurṭubīy (kaawaan siya ni Allāh) sa pagpapakahulugan niya sa sabi ni Allāh (napakataas Siya): **{Ang mga kumakain ng papatubo ay hindi bumabangon malibang kung paanong bumangon ang pinatuliro ng demonyo dahil sa kabaliwan.}**[32]

Sa talatang ito ay may patunay sa katiwalian ng pagkakaila ng sinumang nagkaila sa paggupo mula sa panig ng jinn at nagsabi na ito raw ay gawain ng mga kalikasan at na ang demonyo raw ay hindi sumasapi sa tao at wala raw kabaliwang nagmula sa demonyo. Ang pananalita ng mga tagapagpakahulugan [ng Qur'ān] kaugnay sa kahulugang ito ay marami. Ang sinumang nagnais nito ay makatatagpo nito.

---

[32] Qur'ān 2:275.

Nagsabi si Shaykh Al-Islām Ibnu Taymiyah (malugod si Allāh sa kanya) sa aklat niya na: Īḍāḥ Ad-Dalālah Fī `Umūm Ar-Risālah Li-ththaqalayn (Ang Pagliliwanag ng Pagpapatunay sa Pagkapanlahat ng Mensahe Para sa Tao at Jinn), na natatagpuan sa Majmū` Al-Fatāwā (Kalipunan ng mga Fatwā), Tomo 19, Pahina 9-65, na ang teksto nito matapos ng pananalitang nauna: Dahil dito, may nagkaila na isang pangkatin mula sa Mu`tazilah – gaya nina Al-Jubbā`īy, Abū Bakr Ar-Rāzīy, at iba pa sa kanilang dalawa – sa pagpasok ng jinn sa katawan ng iginupo [ng demonyo] at hindi sila nagkaila sa kairalan ng jinn yayamang ang paglitaw nito ay hindi nasa naipaabot buhat sa Sugo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) gaya ng paglitaw nito, kahit pa sila ay naging mga nagkakamali kaugnay roon. Dahil dito, bumanggit si Al-Ash`arīy sa Maqālāt Ahl As-Sunnah wa Al-Jamā`ah na sila ay nagsasabi na ang jinn ay pumapasok sa katawan ng iginupo [ng demonyo] gaya ng sinabi ni Allāh (napakataas Siya):

﴿ٱلَّذِينَ يَأۡكُلُونَ ٱلرِّبَوٰاْ لَا يَقُومُونَ إِلَّا كَمَا يَقُومُ ٱلَّذِي يَتَخَبَّطُهُ ٱلشَّيۡطَٰنُ مِنَ ٱلۡمَسِّۚ ...﴾ [البقرة: 275]

**{Ang mga kumakain ng papatubo ay hindi bumabangon malibang kung paanong bumangon ang pinatuliro ng demonyo dahil sa kabaliwan.}**[33]

Nagsabi si `Abdullāh bin Imām Aḥmad bin Ḥanbal: "Nagsabi ako sa ama ko na may mga taong nagsasabi na ang jinn daw ay hindi pumapasok sa katawan ng tao." Kaya nagsabi siya sa akin: "O anak ko, nagsisinungaling sila. Siya ay itong nagsasalita sa dila niyon." Ito ay pinalawig sa pinagsipian nito. Nagsabi rin siya (malugod si Allāh sa kanya) sa Tomo 24 ng [Majmū`] Al-Fatāwā, Pahina 276-277, na ang teksto nito: Ang kairalan ng mga jinn ay napagtitibay sa Aklat ni Allāh, Sunnah ng Sugo Niya, at pagkakasang-ayon ng Kanunuan ng Kalipunang Islām at mga pinuno nito. Gayon din ang pagpasok ng jinn sa katawan ng tao, napagtitibay ito ayon sa pagkakasang-ayon ng mga pinuno ng mga Alagad ng Sunnah at Bukluran. Nagsabi si Allāh (napakataas Siya):

﴿ٱلَّذِينَ يَأۡكُلُونَ ٱلرِّبَوٰاْ لَا يَقُومُونَ إِلَّا كَمَا يَقُومُ ٱلَّذِي يَتَخَبَّطُهُ ٱلشَّيۡطَٰنُ مِنَ ٱلۡمَسِّۚ ...﴾ [البقرة: 275]

[33] Qur'ān 2:275.

**{Ang mga kumakain ng papatubo ay hindi bumabangon malibang kung paanong bumangon ang pinatuliro ng demonyo dahil sa kabaliwan.}**[34]

Nasaad sa Ṣaḥīḥ ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): **"Tunay na ang demonyo ay dumadaloy sa anak ni Adan gaya ng pagdaloy ng dugo."**

Nagsabi si `Abdullāh bin Imām Aḥmad bin Ḥanbal: "Nagsabi ako sa ama ko na may mga taong nagsasabi na tunay na ang jinn ay hindi pumapasok sa katawan ng iginupo [ng demonyo]." Kaya nagsabi siya sa akin: "O anak ko, nagsisinungaling sila. Siya ay itong nagsasalita sa dila niyon." Itong sinabi niya ay isang bagay na nasasaksihan sapagkat tunay na ito ay gumugupo sa tao kaya nagsasalita iyon sa isang wikang hindi nalalaman ang kahulugan at humahagupit sa katawan nito ng isang mabigat na hagupit, na kung sakaling hinagupit nito ang isang kamelyo ay talagang makaaapekto ng isang mabigat na epekto. Ang iginupo [ng demonyo], sa kabila nito, ay hindi nakadarama ng hagupit ni ng pananalita na sinasabi

[34] Qur'ān 2:275.

nito. Maaaring humatak ang iginupo [ng demonyo] ng hindi iginupo.

Nakahahatak siya ng karpet na inuupuan niya, nakapagpapagalaw siya ng mga kasangkapan, nakalilipat siya mula sa isang lugar patungo sa isang lugar, at nakapagpapaganap ng iba pa roon na mga bagay-bagay. Ang sinumang nakasaksi ng mga iyon ay nakapagdudulot ang mga iyon sa kanya ng isang kaalamang kinakailangan [para maniwala] na ang nagsasalita sa dila ng tao [na sinapian] at ang tagapagpakilos ng mga bagay na ito ay isang ibang uri na hindi tao.

Sa mga imām ng mga Muslim ay walang sinumang nagkakaila sa [posibilidad ng] pagpasok ng jinn sa katawan ng iginupo [ng demonyo]. Ang sinumang nagkaila niyon at nag-angkin na ang Sharī`ah ay nagpapasinungaling niyon ay nagsinungaling nga laban sa Sharī`ah. Sa mga patunay na pang-Sharī`ah ay walang anumang nagkakaila niyon.

Nagsabi si Imām Ibnul Qayyim (malugod si Allāh sa kanya) sa aklat niya na Zād Al-Ma`ād Fī Hadyi Khayr Al-`Ibād, Tomo 4, Pahina 66-69, na ang teksto: "Ang paggupo ay

dalawang [uri ng] paggupo: isang paggupo mula sa mga karima-rimarim na espiritung panlupa at isang paggupo mula sa mga masamang timpla. Ang ikalawa ay ang pinag-uusapan ng mga manggamot kaugnay sa kadahilanan nito at paggamot dito."

Hinggil sa paggupo ng mga espiritu, ang mga pinuno nila at ang mga nakapag-uunawa sa kanila ay kumikilala rito at hindi tumututol dito. Kumikilala sila na ang paggamot dito sa pamamagitan ng pakikipagtapatan ng mga marangal na mabuting mataas na espiritu sa mga masamang karima-rimarim na espiritung iyon para magtulak ang mga iyon sa mga epekto ng mga ito, kumontra ang mga iyon sa mga gawain ng mga ito, at magpawalang-saysay ang mga iyon sa mga ito. Nagsateksto niyon si Hipocrates sa ilan sa mga aklat niya sapagkat bumanggit siya ng ilan sa panggagamot sa pagkagupo (epilepsiya). Nagsabi siya: "Ito ay nakapagpapakinabang lamang sa pagkagupo (epilepsiya) na ang kadahilanan nito ay

ang mga timpla at ang materyal. Hinggil naman sa pagkagupo na mula sa mga espiritu, hindi nakapagpapakinabang doon ang panggagamot na ito.

Hinggil naman sa mga mangmang sa mga manggagamot, mga masama sa kanila, mga hamak sa kanila, at mga naniniwala sa Ateismo bilang kainaman, ang mga iyon ay nagkakaila sa paggupo ng mga espiritu at hindi kumikilala na ang mga ito ay nakaaapekto sa katawan ng iginupo [ng demonyo]. Walang nasa kanila kundi ang pagkamangmang dahil kung hindi, wala naman sa gawaing pangmedisina ang nagtutulak niyon. Ang pagkadama at ang kairalan ay tagasaksi niyon. Ang pagtalaga nila niyon sa pananaig ng ilan sa mga timpla ay totoo sa ilan sa mga bahagi nito, hindi sa lahat ng mga ito." Hanggang sa nagsabi siya: "Dumating ang mga ateista ng mga manggagamot saka hindi sila nagpatibay kundi sa paggupo ng mga timpla lamang. Ang sinumang may pagkaunawa at pagkaalam sa mga espiritung ito at mga pag-epekto ng mga ito ay matatawa sa pagkamangmang ng mga ito at kahinaan ng mga pagkaunawa nila." Ang paggamot sa uring ito ay sa pamamagitan ng dalawang paraan: isang paraan mula sa panig ng iginupo at isang paraan mula sa panig ng tagagamot. Ang mula sa panig ng iginupo ay sa pamamagitan ng lakas ng sarili niya, katapatan ng pagtuon niya sa Tagalalang ng mga espiritung ito at Maykapal ng mga ito, at mga tumpak na panalangin ng pagpapakupkop

na nagsang-ayunan dito ang puso at ang dila. Tunay na ito ay isang uri ng pakikidigma. Ang nakikidigma ay hindi naisasakatuparan para sa kanya ang pagpapagitna sa kaaway niya sa pamamagitan ng sandata malibang sa pamamagitan ng dalawang bagay: na ang sandata ay tumpak mismo na mahusay at na ang bisig ay malakas. Kaya kapag nawala ang isa sa dalawang ito, hindi makapagdudulot ang sandata ng maraming silbi. Kaya papaano kapag nawala ang dalawang bagay

nang magkasama at ang puso ay naging sira sa Tawḥīd, pananalig, pangingilag magkasala, at pagtuon at wala itong sandata?

Ikalawa: Mula sa panig ng tagagamot sa pamamagitan ng pagiging nasa kanya ang dalawang bagay na ito rin, hanggang sa mayroon sa mga tagagamot na nagkakasya sa pagsabi nito ng: "Lumabas ka mula sa kanya" o nagsasabi ng: "Bismi -llāh (Sa ngalan ni Allāh)" o nagsasabi ng: "Lā ḥawla wa-lā qūwata illā bi-llāh (Walang pagkilos at walang lakas kundi sa pamamagitan ni Allāh)." Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) noon ay nagsasabi: "Lumabas ka, kaaway ni Allāh. Ako ay Sugo ni Allāh."

Nakasaksi ako sa Shaykh natin na nagpapadala sa iginupo [ng demonyo] ng makikipag-usap sa espiritu na nasa kanya at magsasabi: "Nagsabi sa iyo ang Shaykh na lumabas ka sapagkat tunay na ito ay hindi ipinahihintulot para sa iyo." Kaya nagkakamalay naman ang iginupo. Marahil nakipag-usap siya mismo sa espiritu. Marahil ang espiritu ay naghihimagsik kaya nagpapalabas siya rito sa pamamagitan ng paghagupit kaya magkakamalay ang iginupo at hindi makadarama ng sakit. Nakasaksi nga kami mismo at ang iba pa sa amin niyon mula sa kanya nang ilang ulit...

Sa kabuuan, ang uring ito ng paggupo [ng demonyo] at ang paggamot dito ay hindi ikinakaila maliban ng kaunti ang bahagi sa kaalaman, pagkaunawa, at kabatiran. Ang pinakamaraming pangingibabaw ng mga karima-rimarim na espiritu sa mga tao ay dahil sa panig ng kakauntian ng pagrerelihiyon ng mga ito at kasiraan ng mga puso nila at mga dila nila mula sa mga reyalidad ng dhikr, mga panalangin ng pagpapakupkop, at mga pagpapatanggol na pampropeta at pampananampalataya. Kaya naman nakatatagpo ang mga karima-rimarim na espiritu sa tao na nakahiwalay nang walang sandatang taglay at marahil siya

ay hubad kaya makaaapekto sa kanya ito." Nagwakas ang pinapakay mula sa pananalita niya – kaawaan siya ni Allāh.

Dahil sa nabanggit natin na mga patunay na pambatas at pagkakaisa ng hatol ng mga may kaalaman kabilang sa mga Alagad ng Sunnah at Bukluran sa pagkaposible ng pagpasok ng jinn sa tao, lilinaw para sa mga mambabasa ang kabulaanan ng sabi ng sinumang nagkaila niyon at ang kamalian ni Shaykh `Alīy Aṭ-Ṭanṭāwīy sa pagkakaila niya niyon.

Nangako nga siya sa salita niya na babalik siya sa katotohanan kapag nagabayan siya roon kaya harinawa siya ay magbabalik sa tama matapos na makabasa siya ng binanggit natin. Humihiling tayo kay Allāh para sa atin at para sa kanya ng kapatnubayan at pagtutuon. Mula sa nabanggit din natin, malalaman na ang ipinaabot ng pahayagang An-Nadwah sa isyu nitong inilabas noong 14/10/1407 H, pahina 8, buhat kay Doktor Muḥammad `Irfān na ang salitang "kabaliwan" ay naglaho sa diksyunaryong pangmedisina at ang pagsabi niya na ang pagpasok daw ng jinn sa tao at ang pagsasalita niyon sa dila nito ay isang pagkaintinding pang-agham na mali

ciento por ciento. Ang lahat ng iyon ay kabulaanan na namutawi buhat sa kakauntian ng kaalaman sa mga bagay-bagay na pang-Sharī`ah at sa pinagtibay ng mga may kaalaman kabilang sa mga Alagad ng Sunnah at Bukluran. Kapag nakubli ang bagay na ito sa marami sa mga manggagamot, hindi iyon naging isang katwiran sa kawalan ng kairalan nito; bagkus nagpapatunay iyon sa mabigat na pagkamangmang nila sa nalaman ng iba pa sa kanila kabilang sa mga maalam na nakikilala sa katapatan, pagkamapagkakatiwalaan, at pagkatalos sa nauukol sa Relihiyon; bagkus ito ay napagkaisahang hatol mula sa mga Alagad ng Sunnah at Bukluran. Nagpaabot din niyon si Shaykh Al-Islām Ibnu Taymiyah para sa lahat ng mga may kaalaman. Naipaabot buhat kay Abu Al-Ḥasan Al-Ash`arīy na siya ay nagpaabot niyon buhat sa mga Alagad ng Sunnah at Bukluran. Nagpaabot niyon din buhat kay Abu Al-Ḥasan Al-Ash`arīy ang Paham na si Abū `Abdullāh Muḥammad bin `Abdillāh Ash-Shiblīy Al-Ḥanafīy, na pumanaw noong taong 799 Hijrah, sa aklat niya na: "Ākām Al-Marjān Fī Gharā'ib Al-Akhbār Wa Aḥkām Al-Jānn" sa ikalimampu't isang kabanata ng nabanggit na aklat niya.

Nauna nang nabanggit sa pananalita ni Ibnu Al-Qayyim (malugod si Allāh sa kanya) na ang mga pinuno ng mga manggagamot at ang mga matalino sa kanila ay kumikilala rito at hindi nagtutulak nito. Nagkaila lamang niyon ang mga mangmang sa mga manggagamot, mga hamak sa kanila, at mga ateista sa kanila. Kaya alamin mo iyan, O mambabasa, at kumapit ka sa nabanggit namin na katotohanan. Huwag kang malinlang dahil sa mga mangmang sa mga manggagamot at iba pa sa kanila ni sa sinumang nagsasalita kaugnay sa bagay na ito nang walang kaalam ni pagkatalos; bagkus dahil sa paggaya-gaya sa mga mangmang sa mga manggagamot, ilan sa mga kampon ng mga bid`ah kabilang sa Mu`tazilah, at iba pa sa kanila. Si Allāh ay ang Pinagpapatulungan!

# Pagtawag-pansin:

Nagpatunay nga ang nabanggit namin mula sa mga tumpak na ḥadīth buhat sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at mula sa pananalita ng mga may kaalaman na ang pakikipag-usap sa jinn, ang pangangaral sa kanya, ang pagpapaalaala sa kanya, ang pag-aanyaya sa kanya tungo sa Islām, at ang pagtugon niya roon ay hindi sumasalungat sa ipinahiwatig ng sabi Niya (napakataas Siya) tungkol kay Solomon (sumakanya ang basbas at ang pangangalaga) sa ika-38 kabanata ng Qur'ān, kung saan siya ay nagsabi: **{Panginoon ko, magpatawad Ka sa akin at magkaloob Ka sa akin ng isang paghaharing hindi nararapat para sa isa matapos na [ng pagkakaloob] sa akin; tunay na Ikaw ay ang Palakaloob.}** Gayon din ang pag-uutos niya sa jinn ng nakabubuti at ang pagsaway rito ng nakasasama at ang paghagupit dito kapag tumanggi ito sa paglabas [mula sa tao], ang lahat ng iyon ay hindi sumasalungat sa talatang nabanggit; bagkus iyon ay kinakailangan bilang pagtulak sa dumadaluhong, pag-aadya sa naaapi, pag-uutos ng nakabubuti, at pagsaway ng

nakasasama kung paanong ginagawa iyon sa tao. Naunang nabanggit sa tumpak na ḥadīth na ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Sinakal ko ang demonyo hanggang sa dumaloy ang laway niya." Ito ay sa pamamagitan ng marangal na kamay niya (sumakanya ang basbas at ang pangangalaga). Nagsabi siya: "at kung hindi sa panalangin ng kapatid kong si Solomon ay talaga sanang inumaga siya na nakagapos hanggang sa makita siya ng mga tao." Sa salaysay batay kay Imām Muslim mula sa ḥadīth ni Abū Ad-Dardā' ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), na siya ay nagsabi: **{Tunay na ang kaaway ni Allāh, na si Satanas, ay naghatid ng isang ningas ng apoy upang maglagay nito sa mukha ko kaya nagsabi ako: "Nagpapakupkop ako kay Allāh laban sa iyo" nang tatlong ulit. Pagkatapos nagsabi ako: "Ipinasusumpa kita sa ganap na sumpa ni Allāh" nang tatlong ulit ngunit hindi siya umurong. Pagkatapos nagnais ako na dumaklot sa kanya. Sumpa man kay Allāh, kung sakaling hindi sa panalangin ng kapatid naming si Solomon, talaga sanang inumaga siya na nakagapos, na pinaglalaruan ng mga anak ng mga naninirahan sa Madīnah.}** Ang mga ḥadīth kaugnay sa

kahulugang ito ay marami. Gayon din ang pananalita ng mga may kaalaman.

Naghahangad ako na sa nabanggit namin ay may kasapatan at pangkumbinsi sa naghahanap ng katotohanan. Humihiling ako kay Allāh sa pamamagitan ng mga pangalan Niyang pinakamagaganda at mga katangian Niyang pinakamatataas na magtuon Siya sa atin at sa lahat ng mga Muslim para sa pagkaunawa sa Relihiyon Niya at katatagan dito, na magmabuting-loob Siya sa ating lahat sa pamamagitan ng pagtamo ng katotohanan sa mga sinasabi at mga ginagawa, at na kumupkop Siya sa atin at sa lahat ng mga Muslim laban sa pagsasabi hinggil sa Kanya nang walang kaalaman at laban sa pagkakaila ng anumang hindi tayo nakasaklaw sa kaalaman; tunay na Siya ay ang Karapat-dapat doon at ang Nakakakaya niyon.

Basbasan ni Allāh at pangalagaan ang Lingkod Niya, ang Sugo Niya, ang Propeta nating si Muḥammad, sampu ng mag-anak niya, mga Kasamahan niya, at mga tagasunod niya ayon sa paggawa ng mabuti.

# Mga Nilalaman

Panimula .......... 3

Ang Hatol sa Panggagaway at Panghuhula at ang Nauugnay sa mga Ito[1] 7

Ang Panggagaway ng Maybahay sa Asawa[16] .......... 31

Ang Hatol sa Pagtatanong sa mga Manggagaway at mga Salamangkero[18] .......... 36

Ang Panggagamot sa Isang Tradisyonal na Manggagamot na Gumagamit ng mga Jinn .......... 43

Ang Legal ng Gamot Para sa Panggagaway[22] .......... 46

Ang Pagliliwanag sa Katotohanan Kaugnay sa Pagpasok ng Jinn sa Tao at ang Tugon sa Sinumang Nagkaila Niyon[28] .......... 57

Pagtawag-pansin: .......... 84

Mga Nilalaman .......... 87

موسوعة القرآن الكريم
QuranEnc.com
موسوعة تضم تفاسير وتراجم موثوقة لمعاني القرآن الكريم

موسوعة الأحاديث النبوية
HadeethEnc.com
موسوعة تضم ترجمات للأحاديث النبويـــة وشروحها بعدة لغـــات

موسوعة المصطلحات الإسلامية
TerminologyEnc.com
موسوعة تضم ترجمات المصطلحات الإسلاميـــة وشروحها بعدة لغـــات

منتقى
المحتوى الإسلامي
موسوعة تضم المنتقى من المحتوى الإسلامي باللغات

IslamHouse.com
مرجعيـــة مجانيـــة إلكترونية موثوقة للتعريف بالإســـلام

ننشر الإسلام بأكثر من 100 لغة

جـمـعـيـة الـدعــوة وتوعية الجاليات بالربوة
Rabwah

جمعية خدمة المحتوى الإسـلامـي باللغـــات